

UNAWAIN ANG



*Ang maikling pagpapaliwanag sa mga  
panuntunan, kahalagahan at pinagmulan*

**Mapagpala ang Siyang nagbaba ng Pamantayan sa pagitan  
ng (tama at mali), sa Kanyang alipin (Muhammad), upang  
maging Tagapagbabala sa lahat ng mga nilikha.**

***Ang Mapagpalang Qur'an 25:1***



# UNAWAIN ANG ISLAM

*Ang maikling pagpapaliwanag sa mga panuntunan, kahalagahan at pinagmulan.*




**Ika-4 na Paglimbag: Rabi'l-Thani 1446/Oktubre 2024**

## **Karapatan**

Pinahihintulutan ng Islamic Information Center ang paglilimbag ng aklat na ito sa anumang salita upang isulong ang pagpapaunawa ng Islam sa sangkatauhan, **sa kondisyon** na walang anumang gagawing pagbabago, at hindi gagamiting pang-komersyo.

**Isinulat at Inilathala ng**

**Islamic Information Center  
Sultan Qaboos Grand Mosque, Muscat  
Sultanate of Oman  
Telefax. (968) 2450 5170  
[www.iicomman.om](http://www.iicomman.om)**



*Sa Ngalan ng Allah, ang Mahabagin,  
ang Maawain.*

# MGA NILALAMAN

## *Bahagi*

## *Pahina*

Pambungad .....	1
1. Ang Kasaysayan ng Islam .....	2
2. Ang Kahulugan at ang Pangunahing Panuntunan sa Islam .....	8
3. Ang Likas at mga Katangian ng Allah – Ang Tagapaglikha .....	19
4. Si Propeta Muhammad – Ang Kanyang Talambuhay at Personalidad .....	21
5. Ang Pagiging Makatotohanan ng Propeta .....	24
6. Ang Kasaysayan at ang Mensahe ng Qur'an .....	30
7. Ang Katotohanan ng Qur'an .....	39
8. Ang mga Tradisyon ng Propeta .....	42
9. Ang Buhay pagkaraan ng Kamatayan .....	44
10. Ang Islamikong Pananaw sa ibang Relihiyon .....	49
11. Si Jesus sa Islam.....	52
12. Bakit Islam, hindi ba ang lahat ng Relihiyon ay Tama? .....	55
13. Paalala sa Atesismo (hindi naniniwala na may diyos) at Agnotismo (nagdududa sa paniniwala) .....	57
14. Ang Kalagayan ng Kababaihan sa Islam .....	61
15. Labis na Paniniwala at Kaguluhan sa Relihiyon .....	62
16. Ang Islamikong Pakikibaka .....	64
17. Ang Batas-Islamiko .....	66
18. Ang pagkakahati-hati sa Islam .....	68
19. Ang mga Pangunahing Karapatang Pantao sa Islam .....	70
20. Ang Pagdami ng Kultura sa Islam.....	74
21. Bakit Mahalaga ang Relihiyon? .....	78
22. Paano Maging Muslim ang Isang Tao? .....	80
Talasalitaan .....	82
Mga Karagdagang Pagpapaliwanag .....	84
Mga Pinagbatayan .....	88

## **Pambungad**

Nilikha ng Allah ang sangkatauhan sa layuning pagsilbihan Siya at mamuhay nang naaayon sa Kanyang mga Batas. Kaya naman, itinakda Niya ang Kanyang relihiyon, ito ang Pagsunod sa Kanyang Layunin (*Islam* sa wikang Arabik), nagsugo ng mga mensahero at nagpayahag ng mga kasulatan upang maging gabay ng sangkatauhan tungo sa pananampalataya. Kaya naman, ang lahat ng tao ay may karapatang alamin ang relihiyon ng Diyos, at may pagkakataong mamili ng mga bagay na may kaugnayan sa pananampalataya. Ang Islam ay nananatiling hindi nauunawaan ng tama, kaya ito ang nagiging dahilan upang magkaroon ng balakid sa paghahanap ng katotohanang pang-espiritwal. Dagdag pa rito, ang karamihan sa mga ipinararating tungkol sa Islam, sa ating panahon, na nagmula sa mga nagsasabing dalubhasa, ay pawang mga kasinungalingan at salat sa katotohanan, at meron ding mga pagkukulang. Sa katunayan, walang ibang relihiyon sa buong mundo mula sa mga taga-Kanlurang manunulat ang mas higit na nagsulat nang mga negatibo at mapanlinlang na paraan maliban sa Islam. Gayun pa man, bagaman at nadaragdagan ang mga artikulo tungkol sa Islam noong mga nakaraang dekada, ang mapagkakatiwalaang gawaing ibenase sa katotohanan na layunin ay lumikha ng malawak na pang-unawa kaysa pagkakahati-hati ay hindi nagtagumpay.

Ang layunin ng aklat na ito ay makapagbigay-linaw sa pambihirang relihiyong ito at tanggalin ang maling pag-unawa at mga maling konsepto tungkol dito, kaya naman ang pagbibigay ng pagkakataon sa buong sangkatauhan upang masaksihan ang Islam sa tama at makatotohanang paraan at makapagbigay-daan sa sinuman upang masumpungan ang tamang landas ng pananampalataya. Ang pananampalataya ay kalimitang inihahambing sa isang kultura at kaalaman na walang makapagsabi kung saan hinango ang itinuturing na katotohanan na kalimitang nauwi sa mga kasinungalingan lamang.

## Ang Kasaysayan ng Islam

Ang Islam ay isang relihiyon at isa ring sibilisasyon, isang kasaysayan ng katotohanan na umiral sa loob ng labing-apat na siglo sa kasaysayan ng sangkatauhan at malalayong lugar na umabot sa iba't ibang kontinente. Ito ay espiritwal na umiral na naghandog ng isang pambihirang kalagayan sa pagsulong ng mahahalagang aspeto ng sibilisasyon, na nagpabago sa pangloob at panglabas na pamumuhay ng mga tao saan mang panig ng Mundo. Sa kasalukuyan, halos umabot sa dalawang bilyon ang bilang ng mga taong nagmula sa magkakaibang lahi, kultura at antas ng pamumuhay ang namumuhay bilang mga Muslim. Hindi lamang nangunguna ang Islam sa ating panahon, bagkus ang lawak nito ay umabot na rin sa mga taga-Kanluran, Asia at Africa. Kaya naman ang kaalaman tungkol sa Islam ay sadyang napakaimportante lalo na sa mga nagpapahalaga sa kasalukuyang kalagayan ng pamayanan at sa mga interesado sa Kanluraning kultura at kasaysayan, at sa mga naaakit sa umiiral na relihiyon at dulot nitong pang-espiritwal.

Walang sinuman ang makakaunawa sa kahalagahan ng Islam kung hindi nito pahahalagahan ang kalagayan ng Ummah, o pangkalahatang bilang ng mga Muslim na kumakatawan sa mundo ng Islam. Ang Islamikong Pamayanan ay iisa, binuo at nagkakasundo sa Kamaharlikaan ng Nag-iisang Tagapamahala na nakasaad sa Qur'an, at sa pagiging Sugo ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah)<sup>1</sup>, at sa pagtanggap ng Banal na Batas (*Shari'ah*). Ang mga Muslim ay pinagbuklod ng makapangyarihang kapatiran, isang ugnayang patuloy na nadarama hanggang sa kasalukuyan bagaman at may kaguluhang nagaganap sa pagitan ng iba't ibang pamayanan ng mga Muslim. Bagaman at ang mga Muslim ay hindi nagkakaisa sa usaping pang-pulitika, sila naman ay maituturing na natatanging relihiyong pangkumunidad. Walang lugar saan mang panig ng mundo mula sa magkakaibang lahi ang walang Islamikong Pamayanan. Sapul sa simula, ang Islam ay isang relihiyon na ipinagutos sa buong sangkatauhan na mahigpit na sumasalungat sa anumang anyo ng pagkakakilanlan, pagkakahati-hati at kanya-kanyang tribu. Ang Pamayanang ito ang bumubuo sa lahat ng kultura at lahi na lumaganap sa lahat ng lugar ng mundo katulad ng Asia, Africa, Europe, North at South America at Australia.

Ang kasaysayan ng Islam ay hindi maaaring ihiwalay sa kasaysayan ng Islamikong pamayanan, mga tanggapan at sibilisasyon kung saan sila nagsimula. Ang panahon ng paglikas ng Propeta mula sa Makkah na patungong Madinah,

## *Unawain ang Islam*

ang simbolo ng pagkakatatag ng kauna-unahang Islamikong pamayanan sa Madinah, pagkatapos ng kanyang kamatayan at ang pamumuno ng apat na kilalang mga pinuno (622 CE hanggang 661 CE) ang nagsimula sa isang natatanging kasaysayan ng Islam. Isang pinakamahalagang panahon sa kasaysayan ng mga Muslim na pinagmulan ng kanilang gabay hanggang sa mga sumunod na pangyayari.

Ang pinuno na kaagad nasundan ng mga kilalang kalipa ay nakapagtala ng malawak na pananakop na umabot hanggang sa Damascus bilang sentro ng kanilang pamahalaan, ang nagsilbing daan upang masundan pa ng mga kilalang kalipa na nakapagtala ng mahabang pamumuno. Ang Umayyads, ang kauna-unahang yugto ng pamumuno ng mga Muslim na nagmula sa Gitnang bahagi ng Asia na umabot hanggang sa Spain at France, ang unang nakapagtala ng sistema ng komunikasyon, administrasyon, legal at paaralan ng militar, na namayani sa loob ng maraming siglo. Maraming pagbabago ang naitala sa malawak na lugar ng kanilang nasasakupan upang paunlarin ang larangan ng pamamahala, komersyo, agrikultura at maging ang serbisyo ng postal. Ang pinakatanyag sa panahon ng pamumuno ng Umayyad ay nang kanilang ipatupad ang 'Arabic the lingua franca' sa mundo ng mga Muslim at ipatupad ang isang uri ng pananalapi



*Ang Alhambra Palace sa Granada, Espanya*



sa pamamagitan ng paggamit ng ginto at pilak sa kanilang pera. Ang Umayyad Mosque na matatagpuan sa Damascus at ang Dome of the Rock sa Jerusalem ay kabilang sa mga pambihirang desenyong nagawa sa larangan ng arkitekto sa panahon ng Umayyad.

Noong 750 CE, ang Umayyad ay napatalsik ng Abbasids na siyang naglipat ng sentro ng Islam sa bagong lungsod ng Baghdad. Ang pamumuno ng Abbasids ay nakapagtala ng mas mataas na antas ng Islamikong sibilisasyon. Ang Abbasids ay mahusay sa larangan ng sining, agham, at pilosopiya. Ito ang panahon kung saan ang tinatawag na Islamic science and philosophy ay nagtagumpay. Naitala ng Abbasids ang kulturang intelektwal at klasikong antas ng Greece at Rome. Sa pagpapatuloy ng panahon, ang pangkalahatang pamumuno ng Baghdad ay umabot sa makabagong sentro ng kapangyarihan at kaalaman sa lahat ng dako ng Muslim sa buong mundo, kung saan, ang sangay ng kaalaman at pananaliksik ay naging mas malawak na naging dahilan upang magkaroon ng paligsahan sa isa't isa. Ang mga naghahanap ng kaalaman ay nakinabang mula sa tanyag na sentro ng Baghdad, Damascus, Bukhara, Cairo, Fez, Cordoba, Shiraz at iba pang lugar. Ang mga kilalang dalubhasa katulad nina al-Kindy, al-Farabi, Ibn Sina, Ibn Rushd, Ibn al-Haytham, al-Biruni, al-Khawarizmi at marami pang iba ay naging animo'y mga tala na bitbit ang makabagong kaalaman. Ang lahat ng aktibidad na may kinalaman sa mundo ng pilosopiya, astronomiya, medisina, matimatika at agham sa pangkalahatan ay nagtutungo sa lugar ng mga Muslim upang mag-aaral na gamit ang wikang Arabik – ang kinikilalang pangdaigdigang salita ng mga nagpapakadalubhasa sa panahong iyon. Ito ang panahon nang pagtibayin ang Batas ng Islam (Shari'ah) na sinimulang balangkasin sa panahon ng Umayyad at nagtayo ng mga paaralan tungkol sa batas na nananatili hanggang sa kasalukuyan (Sunni, Shia and Ibadhi). Ito rin ang panahon kung kailan naitala ang opisyal na koleksyon ng Hadith na naitala nina Bukhari, Muslim at iba pa. Noong ika-9 at ika-10 siglo ng mga Muslim, ang Baghdad at Cordoba ay kabilang sa mga hinahangaang lugar sa buong mundo – ang pinakamaunlad na lungsod at pinangungunahan ng mahuhusay at matatalinong indibidwal. Kapag ang mga pinuno ng France, England o Italy ay nangailangan ng mga dalubhasa, manggagamot, arkitekto, o maging ang mga musikero at mananahi, kumukonsulta sila sa Baghdad at Cordoba. Ang lungsod ng mga Muslim ay gawa sa mga bahay na bato, na mayroong maliliwanag at sementadong mga lansangan, mga patubig, mga unibersidad at silid-aklatan, mga pagamutan at parmasiya, lugar ng mga sining at mga pampublikong paliguan. Ang mga naunang Muslim, noon pa man, ay gumagamit na ng mga

makabagong produktong pangkalinisan katulad ng sabon, kosmetik at mga pabango. Ang panahon ng Abbasaid ang nanguna sa tinaguriang ‘Golden Age’ kaugnay sa mga naitalang pagbabago sa larangan ng agham, mataas na antas ng pamumuhay at pagiging moderno sa makabagong pamayanan.

Hanggang dumating ang panahon noong 1517 CE, nang dahan-dahang ang kapangyarihan ng Abbasaid ay unti-unting maglaho nang dumating ang katapusan ng kanilang pamumuno nang simulan ng Ottoman ang pagiging kalipa. Ang pamumuno ng Ottoman ay umabot sa pinakamataas na antas ng liderato sa pamamagitan ng kanilang lider na si Sultan Sulieman, ang tinaguriang ‘The Magnificent’ na namahala mula sa dating ‘Byzantium city of Constantinople’ (ito ang Istanbul sa kasalukuyan). Sa panahon nang kanyang kamatayan, ang buong Syria, Egypt, North Africa, Arabian Peninsula at maraming bahagi ng Eastern Europe ay nasa ilalim ng kanyang pamumuno. Pinamahalaan ng Sultan ng Ottoman ang malawak na lupaing nasasakupan nang may mataas na antas ng pamamalakad na hindi natumbasan ng ibang pamayanan sa ganoon ding panahon. Hindi ipinipilit ng Sultan sa kanyang pamamalakad kung mayroon mang kakaibang elemento ng liderato ang ibang emperador tungo sa iisang kultura lamang, bagkus ay likas ang maayos na




*Sa loob ng Süleymaniye Mosque sa Istanbul, Turkey*

pamamalakad na angkop sa pangkalahatan. Ang Ottoman ay nagtakda rin ng mga pamantayan para sa magkakaibang pangkat upang sama-samang mamuhay ng mapayapa, at ang lahat ay malayang sumusumunod sa kani-kanilang pananampalataya, kultura, mga batas at pagiging tapat sa kanilang mga pinuno. Ang Ottoman ay matagumpay na nakapagtala ng malaya at masaganang pamamalakad na umabot hanggang sa anim na siglo. Mula sa ika-17 hanggang sa ika-20 siglo, nasaksihan ang pananakop ng mga European, nang ang mga di-Muslim na negosyate, mga misyonaryo, mga sundalo at maging ang mga mapanakop na administrasyon ay magtungo upang kamkamin at pamunuan ang mga lupain at tiretoryo ng mga Muslim. Ang Portuguese, Spanish, Dutch, British, at French ay bumuo ng emperador na kolonyanismo, at maging ang mga Chinese at Russians ay nagpalawak ng kani-kanilang tiretoryo sa mga rehiyon na dating pinamumunuan ng mga Muslim. Ang naturang pananakop ng mga banyaga ay hindi lamang nagpababa sa moral at kalagayan ng maraming Muslim bagkus ito ay naging banta sa kanilang pinaka-iniingatang pundasyon sa Islamikong pamayanan sapagka't pinalitan ng mga bagong lider (European) ang tradisyunal na edukasyon ng Muslim, ng legal at mga institusyong pang-gobyerno na hango mula sa taga-Kanlurang pamantayan. Binalewala ng mga bagong lider (European) ang kahalagahan ng relihiyon ng Muslim sa pamamagitan ng impluwensya ng mga kristiano, sekyularisismo at mga kulturang tumutugma sa mga makamundong-bagay. Bago dumating ang ika-20 siglo, naiwan na lamang ang mahihinang pinuno hanggang sa dumating ang kanilang pagkatalo at agawin ito mula sa kanila pagkaraan ng unang digmaang pandaigdig. Pagkaraan ng tuluyang pagbagsak ng Ottoman Empire, naiwan na lamang ang kasalukuyang Turkish Republic na naitala sa anyo ng sekyularisismo mula sa mga taga-Kanluran, at ang natirang samahan ng mga Ottoman ay nakapagtala ng kanilang sariling kalayaan.

Marami sa mga Muslim ang patuloy na namumuhay sa mundong ito nang naaayon sa kanilang sariling tradisyon sa likod ng mga pag-atake sa kanilang pananaw tungkol sa makabagong panahon. Upang maunawaan ang Islam ngayon, mahalaga ring pag-aralan ang kasaysayan ng ibang relihiyon na hindi lahat ay sumunod sa orihinal na pinagmulan. Ang Kristianismo ay nagkaroon ng ibang pangkat tungo sa Pagbabago noong ika-16 na siglo na naging daan upang magkaroon ng tinatawag na 'Protestantism'. Ang Judaism ay nakaranas din ng reporma at nagkaroon ng mga konserbatibong paaralan. Ang Islam, gayun pa man, ay hindi nagkaroon, o kaya ay nakapagtala na kaparehong pagbabago sa anumang katanggap-tanggap na antas, maging sa bagay na may kaugnayan

sa kaalaman at teyolohiya. Ang paraan ng kanilang relihiyosong pamumuhay at kaisipan ay nanatili sa mahalagang bahagi ng paniniwala at tradisyon. Ang modernesimo at ang tinatawag na pundamentalismo na makikitang talamak sa ibang panig ng Islamikong pamayanan at sa ilang kilalang lugar ang naging sanhi upang ang kinagisnang Islamikong paraan ng pamumuhay ay maapektuhan, at ito ay hindi nakapagtala ng anumang paksang may kaugnayan sa teyolohiya at pamamalakad na makapagpapabago sa tradisyon na iniwan sa panahon ng Propeta at maging sa panahon ng mga pinagpipitagang kalipa. Marami pa rin sa mga Muslim ang patuloy na namumuhay nang naaayon sa mga naunang tradisyon na itinakda noong mga naunang panahon, at ang batayan ng kanilang pamumuhay ay tinuldukan ng mga kaganapang may kaugnayan sa Islam at kanilang nauunawaan. Karagdagan pa rito, ang tradisyunal na ‘Islamic sciences of the Qur’an, Hadith, Shari’ah’, at iba pang mga katulad nito ay patuloy sa pagtataguyod ng mga katuruan noong mga nakaraang siglo sa kabila ng malaking pagbabagong naging hatid ng tradisyunal na Islamikong edukasyon at legal na pamamaraan.



*Ang Ka'bah sa Makkah ang unang babay-sambahang ginawa sa Daigdig para sa pagsamba sa Nag-iisang Diyos – ang Allah.  
(Qur'an 3:96)*



## Ang Kahulugan at ang Pangunahing Panuntunan sa Islam

Ang Relihiyong **Islam** ay inilarawan sa paniniwala sa Kaisahan ng Tagapaglikha, ang Allah, at ang tuwirang pagtanggap at pagsunod sa Kanyang Kapahintulutan na ipinahayag sa Kanyang huling sugo na si Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah.

Kaya ang Islam ay nangangahulugan ng pagsunod, tapat at mapayapang pagtalima sa Kapahintulutan ng Allah. Ang pagtalima sa Kapahintulutan ng Allah ay naglalarawan ng debosyon, kabanalan at didekasyon sa Tagapaglikha, at ito ang tamang kondisyon upang makamit ang kapayapaan na may kinikilalang Diyos, sa kanyang sarili, sa ibang mga nilikha at maging sa kanyang kapaligiran. Silang mga naniniwala at sumusunod sa Kapahintulutan ng Allah sa pamamagitan ng pagsunod sa relihiyong Islam ay tinatawag na mga **Muslim**.

Ang Islam ay hindi isang bagong relihiyon. Ito ay katulad ng relihiyong ipanadala sa lahat ng mga propeta ng Diyos mula kay Adan, Noah, Abraham, Ishmael, Isaac, at maging kay Moses, Jesus at sa panghuli na si Muhammad – naway ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasa kanilang lahat. Ang lahat ng propetang nabanggit ay pawang mga Muslim sapagka't lahat sila ay sumamba lamang sa Allah at sumuko sa Kanyang Kapahintulutan.<sup>2</sup> Kaugnay nito, ang lahat ng sumunod sa relihiyong hatid ng lahat ng propeta ng Diyos ay tinatawag ding mga Muslim. Ito ay batay sa nilalaman ng natural na kahulugan ng salitang 'Islam' na sinabi ng Allah sa Qur'an (3:19).

### *Ang relihiyon sa pananaw ng Diyos ay ang pagsuko sa Kanyang Kapahintulutan (Islam)*

Ang Islam ay nakabase sa **Anim na Artikulo ng Pananampalataya** (*Imaan*) at sa **Limang Artikulo ng Relihiyon**, (*Islam*). Nakapaloob sa pananampalataya ang paniniwala na may kaakibat na debosyon, at ang relihiyon ang praktikal na paraan ng pagtanggap sa pananampalataya. Sa Islam, ang pananampalataya ay kailangan sa relihiyon, sapagka't ang pananampalataya ang kumikilala at tumatanggap sa Tagapaglikha at sa Kanyang Kabanalan, sa Kanyang Pagka-Diyos at sa Kanyang Karapatan ng Pagpapaalipin (*Ulubiyya, Rububiyah* and *Ubudiyah* sa wikang Arabik).

## Ang Anim na Artikulo ng Pananampalataya

Ang artikulo ng pananampalataya ay ipinag-utos sa iba't ibang talata ng Qur'an.<sup>3</sup> Isang halimbawa, sa unang artikulo ay sinabi ng Allah sa kabanata 112:



### Unang Artikulo

Ang maniwala na walang ibang diyos na nararapat sambahin maliban sa Allah, siya ang Maylikha ng kalawakan, ang Nag-iisa at Natatangi, ang Kanyang mga katangian ay naiiba at hindi maaaring magkaroon ng kabahagi at bigyan ng katambal. Ang paniniwalang ito ay tinatawag na monotismo (*At-Tawheed* sa wikang Arabik).

**Ang kahalagahan sa artikulong ito ng pananampalataya:** (a) Ang Kaisahan ng Tagapaglikha ay kumakatawan sa kaisahan ng layunin ng paglikha, kaya naman ang kaisahan ng relihiyon ay kaisahan sa paraan ng pamumuhay. Kalimitan sa tao ay walang katahimikang pang-espirtwal at balot ng kalungkutan dahil kulang sila sa kaalaman tungkol sa dahilan nang kanilang pagkakalikha. (b) Ang paghahambing ng mga katangian ng Diyos sa ibang mga nilikha ay nagdudulot ng masamang ilusyon na nagiging daan tungo sa pagkatakot, kurapsyon at pagsasamantala.



**Pangalawang Artikulo:**

Ang paniniwala sa mga Anghel, ang mga espirital na tagapaglingkod at sugo ng Allah. Hindi tulad ng tao, ang mga Anghel ay espiritu lamang at walang pisikal na pangangatawan. Ang kanilang pagkakalikha ay ang tuloy-tuloy na pagsamba sa Allah at pagtalima sa Kanyang mga kautusan.

*Ang kahalagahan sa artikulong ito ng pananampalataya: Ang maniwala sa mga bagay na may hangganan sa ating pisikal na pang-unawa ay isa sa mga kinakailangan sa pananampalataya. Ang artikulong ito ang nagpapalawig sa katalinuhan ng isang tao upang maunawaan at matanggap ang pagkakalikha na nasa ating pisikal na pang-unawa at nagsisilbing daan upang maging malinaw ang espirital na pang-unawa.*

**Ikatlong Artikulo:**

Ang paniniwala sa mga banal na aklat o kapahayagan na ipinadala sa mga sugo ng Allah. Isang halimbawa, ang Salmo (*Zabur* sa wikang Arabik), ito ang aklat na ipinadala kay David, ang Torah (*At-Taurat* sa wikang Arabik), ito ang aklat na ipinadala kay Moses at ang Ebanghelyo o Gospel (*Al-Injeel* sa wikang Arabik), ito ang aklat na ipinadala kay Jesus, at ang Qur'an na ipinadala kay Muhammad – naway ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasa kanilang lahat.

*Ang kahalagahan sa artikulong ito ng pananampalataya: Ito ay isang panuntunang hango sa lohika sapagka't ang lahat ng kapahayagan ay nagmula sa iisang Tagapaglikha na magkatulad ang pangunahing panuntunan at paraan ng pananampalataya. Ang pagtanggap sa isang kapahayagan at ang pagtatakwil sa iba ay dahilan upang magkaroon ng salungatan. Hindi rin magiging katanggap-tanggap na ang Tagapaglikha ay magpapadala ng magkakaiba at may salungatang mga mensahe sa sangkatauhan. Ang Qur'an ay nagpapatunay sa mga naunang kapahayagan, ito ay isang kumpletong mensahe ng Diyos para sa sangkatauhan at itinama ang mga pagbabagong ginawa ng tao na inakala nilang ito ay mensahe mula sa mga naunang mensahero sa ating panahon.*

**Ika-apat na Artikulo:**

Ang paniniwala sa mga sugo ng Allah mula kay Adan hanggang sa huling sugo na si Muhammad – sumakanila nawang lahat ang kapayapaan at pagpapala ng Allah.

***Ang kabalagahan sa artikulong ito ng pananampalataya:*** *Ito ay isang panuntunang hango sa lohika sapagka't ang lahat ng sugo ay nagmula sa iisang Tagapaglikha at dala-dala ang pareho at pangunahing mensahe para sa sangkautahan. Ang pagtanggap sa isang sugo at ang pagtatakwil sa iba ay hindi lamang magdudulot ng salungatan, bagkus ito ay magiging dahilan upang magkaroon ng pagkakahiwa-hiwalay sa relihiyon ng Diyos.*

### **Ika-limang Artikulo:**

Ito ang paniniwala sa Araw ng Paghuhukom. Hindi katulad ng mga Anghel, ang mga tao ay pinagkalooban ng kalayaang pumili. Ang isang tao ay maaring sumunod sa mga kautusan ng Allah o kaya ay piliin niyang sumuway. Gayun pa man, ang kalayaang ito ay may nakaambang pananagutan at responsibilidad sa harapan ng Allah. Sa Araw ng Paghuhukom ay pananagutan natin kung ano ang ating pinili sa buhay natin sa mundong ito. Silang pumili ng tama at sumunod sa mensahe ng Allah ay mapupunta sa Paraiso at mananatili doon ng walang hanggan, at sila namang pumili ng mali at ipinagwalang-bahala ang mensahe ng Allah ay mapupunta sa Impiyerno upang manatili doon ng walang hanggan.

***Ang kabalagahan sa artikulong ito ng pananampalataya:*** *Ang artikulong ito ay tumutukoy sa ating pananagutan sa Diyos at sa ating mga ginawa dito sa mundo. Ang matagal natin paghibintay para sa makatotohanang hustisya at walang hanggang kaligayahan ay makakamit lamang kapag ang wagas at walang hanggang Kabanalang hustisya ay naganap sa Araw ng Paghuhukom.*

### **Ika-anim na Artikulo:**

Ang paniniwala sa Itinakdang Kahihinatnan at Kapalaran. Ang lahat ng bagay na nagaganap sa ating mga nilikha (mabuti, masama o hindi man natin pinahalagahan) ay nangyayari nang naaayon sa mga batas at tamang sukatan (*Qadha wa Qadar* sa wikang Arabik) kung saan ay naitakda na ng Allah sa Kanyang walang hanggang kaalaman. Walang anumang Nilikha ang hindi kabilang sa pamamahala at pagmamasid ng Allah sa pamamagitan ng mga batas (kabilang ang pisikal at espiritwal na mga batas) at tamang sukatan (i.e. antas at lawak nito). Karagdagan pa rito, hindi lamang nasa kapangyarihan ng Allah ang walang hanggang pamamalakad sa pamamagitan ng mga batas at sukatan, mayroon din Siyang sapat na kaalaman sa lahat ng bagay kabilang dito ang oras at panahon, at naitatala Niya ang lahat ng bagay na may kaugnayan sa mga nakaraan, sa kasalukuyan, at maging sa mga bagay na darating pa lamang.

Mababasa natin sa Qur'an (6:59);

*At nasa Kanya ang mga susi ng mga hindi nakikita, walang nakakaalam maliban sa Kanya. At nalalaman Niya ang anumang bagay na narito sa lupa at sa karagatan; walang dahon na nabulog ang hindi Niya batid. Walang isang butil sa kadiliman ng lupa o anumang bagay na sariwa o tuyo, at ito ay nakatala sa Malinaw na Talaan.*

Kabilang sa walang hanggang kaalaman ng Allah ang pagbaba at pagtaas sa kalagayan ng isang tao. Gayun pa man, ang kaalaman ng Allah sa mga bagay na gagawin pa lamang ng tao ay hindi nangangahulugang kailangan na niya itong gawin, katulad halimbawa ng isang astronomer na kayang hulaan at maitala kung kailan magaganap ang solar eclipse sa darating na taon gamit ang kanilang kaalaman sa sensya at agham. Ang solar eclipse ay hindi nangyayari dahil lamang sa kanilang kaalaman o prediksyon. Kaugnay nito, ang Allah na may tangan ng walang hanggang kaalaman (na walang limitasyon pagdating sa usapin ng oras at panahon) ay batid kung anong gagawin ng tao at naitatala ang kanilang mga ginawa, subali't hindi ito nangangahulugan na kailangang gawin ng tao ang bagay na ito.

Kaya naman, ang mga naturang panuntunan na nabanggit sa itaas ay hindi pumipigil sa kalayaan ng isang tao na mamili, nagpapatunay lamang ito na anuman ang ating mithiin ay siyang masusunod (a) ang mga batas ng Allah, (b) ang mga kasagutan sa ating mga pinili ay ibabatay kung ano ang itinakdang sukatan, at (c) ang Allah ay may sapat na kaalaman sa ating mga pinili at mga ginawa, subali't tayong lahat ay mananagot kung ano ang ating pinili.<sup>4</sup> Karagdagan pa rito, ang mga tao ay may kalayaang magpasya, at sila rin ang masusunod sa mga bagay na gusto nilang gawin, subali't wala silang kakayahang lumikha ng isang bagay na kanilang pipiliin.

*Nilikha ka ng Allah at ang lahat ng iyong ginagawa.  
(Qur'an 37:96)*

Bilang pagpupugay sa kalayaang pumili ng isang tao, ginawa ng Allah ang kanilang pagpili bilang isang kondisyon o batayan sa “Banal na Kapahintulutan” o isang Banal na gawain na may kaugnayan sa isang tao. Sa isang banda, ginusto ng tao ang mga ganong gawain, at ito ay pinahintulutan ng Allah para sa kanila (kung ninais Niya na ito ay pahintulutan). Ito ang paraan kung papaano sundin

ng tao ang kagustuhan ng Allah. Mainam na sabihin, anuman ang maging hantungan sa pagpili ng mabuti at masama, ang lahat ng ito ay para sa Allah lamang, at ang kasamaan ay mga bagay na nagmula sa pagpili ng tao – ito ang mga bagay na ginagawa ng tao kaugnay sa pagpapasya na kanyang nais gawin. Ginawa ng Allah ang lahat ng ganitong patakaran na may mga nakaambang pananagutan.

*Anumang mabuting bagay ang nangyari sa iyo, ito ay nagmula sa Diyos, at anuman ang masamang bagay na nangyari sa iyo, ito ay nagmula sa iyong sarili. (Qur'an 4:79)*

Mula sa pananaw ng Allah, ang gumawa ng masama o kaya ay pahintulutan ang kasamaan ay nangyari sapagka't ang pagpili sa kasamaan ay masama. Hindi pinili ng Diyos ang kasamaan, bagkus ang mga tao ang siyang humirang nito.

*Ang kahalagahan sa artikulong ito ng pananampalataya: Ang maniwala sa walang hanggang pamamalakad sa mga nilikha ng Tagapaglikha – ang Allah, ay nagpapatunay sa ating pananampalataya sa Kanyang Kamaharlikaan sa lahat ng mga nilikha. Dabil sa Habag at Pagmamahal ng Allah sa Kanyang mga nilikha, ang artikulong ito ay naghabatid ng pag-asa at pangloob na kapayapaan, at nagpapatatag ng puso ng mga mananampalataya.*



*Ang anim na panuntunan ng pananampalataya ay naghabatid sa tao na maunawaan ang kahalagahan ng espiritwal na kaalaman. Dagdag pa rito, inilarawan dito ang kahulugan ng 'paniniwala' sa isang ganap na pagpapaliwanag; ang pagbawas ng anuman sa mga panuntunang ito, katulad halimbawa ng paniniwala sa isang propeta at ang pagtatakwil naman sa isa ay nagdudulot sa tao upang siya ay maging hindi mananampalataya.*





# Ang Panawagan sa mga Pagdarasal

*Ang Allah ay Dakila.  
Ang Allah ay Dakila.*

*Ang Allah ay Dakila.  
Ang Allah ay Dakila.*

*Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na  
nararapat sambahin maliban sa Allah*

*Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na  
nararapat sambahin maliban sa Allah*

*Ako ay sumasaksi na si Muhammad ay  
Sugo ng Allah.*

*Ako ay sumasaksi na si Muhammad ay  
Sugo ng Allah.*

*Halina sa pagdarasal. Halina sa  
pagdarasal.*

*Halina sa tagumpay. Halina sa tagumpay.*

*Ang Allah ay Dakila. Ang Allah ay Dakila.*

*Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na  
nararapat sambahin maliban sa Allah*

*Ang panawagan sa pagdarasal ay nag-  
aanyaya sa tao patungo sa walang hanggang  
tagumpay. Ito ay isang uri ng paalala para sa  
mga tao na walang ibang diyos na nararapat  
sambahin maliban sa Allah, at si Muhammad  
– sumakanya nawa ang kapayapaan at  
pagpapala ng Allah, ay sugo ng Allah.*

## Ang Limang Artikulo ng Relihiyon

Ang limang artikulo ng relihiyon ay naitala sa iba't ibang talata ng Qur'an.<sup>5</sup> Isang halimbawa, kaugnay ng unang artikulong ito, ang Allah ay nagsabi sa Qur'an 49:15,



إِنَّمَا الْمُؤْمِنُونَ الَّذِينَ آمَنُوا بِاللَّهِ وَرَسُولِهِ ثُمَّ لَمْ  
يَرْتَابُوا وَجَاهَدُوا بِأَمْوَالِهِمْ وَأَنْفُسِهِمْ فِي سَبِيلِ اللَّهِ  
أُولَئِكَ هُمُ الصَّادِقُونَ

*Katotohanan, ang may tangan ng tamang pananampalataya ay silang naniniwala sa Allah at sa Kanyang Sugo at hindi sila nagkaroon ng anumang pagdududa at nagsisikap na mabuti para sa Landas ng Allah kabilang ang kanilang mga buhay at mga ari-arian. Sila ang mga makatotohanan.*

### Unang Artikulo

Ito ang pagbigkas mula sa puso at isipan na walang ibang diyos na nararapat sambahin maliban sa Allah at si Muhammad ay sugo ng Allah. Ito ay nagpapatotoo mula sa isang naniniwala sa Kaisahan ng Tagapaglikha (monotismo), at si Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah, ay huli at pangwakas na sugo ng Allah. Ito ay tinatawag na *shahadah* sa wikang Arabik na nangangahulugan ng pagsaksi at pagtanggap sa itinakdang katotohanan.

Makaraang tanggapin ng isang tao ang pananampalataya, nagiging obligado sa isang Muslim na gampanan sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng susunod na artikulo bilang pagpapatunay sa pagtanggap ng pananampalataya.



### Ikalawang Artikulo

Ang pag-aalay ng ritwal na pagdarasal para sa Allah ng limang beses sa loob ng isang araw, (*Salah* sa wikang Arabik); mula sa madaling araw, pagkaraan ng tanghaling tapat, sa bandang hapon, pagkaraang lumubog ang araw at kapag tuluyan ng sumapit ang gabi. Ang pagdarasal ay direktang pakikipag-ugnayan sa Allah, na walang tagapamagitan, at binubuo ng pagpupuri at pagluwalhati sa Allah at kabilang dito ang ating mga panalangin para sa Kanya.

**Ang kahalagahan sa artikulong ito ng relihiyon:** *Ang pagdarasal ay ipinag-utos ng Allah bilang paggunita at proteksyon laban sa hindi natin pagsunod sa Kanya (Qur'an 20:14 at 29:45). Ang regular na mga pagdarasal ay nakatutulong upang mapanatili natin ang takot natin sa Diyos, (taqwa sa wikang Arabik).<sup>6</sup>*

### Ikatlong Artikulo

Ang pagbibigay ng kawanggawa sa mahirap at nangangailangan (*Zakah* sa wikang Arabik). Ang isang Muslim ay inatasang magbayad ng halagang 2.5% mula sa personal niyang yaman na kanyang naipon sa loob ng kasalukuyang taon, kabilang ang naipong pera, pilak at ginto. Ang pagbabayad ng kawanggawa ay obligado rin mula sa mga inani sa agrikultura, mga kinita mula sa pangangalakal at iba pa.

**Ang kahalagahan sa artikulong ito ng relihiyon:** *Kailangang tiyakin ng pamunuan na nangangalaga sa Zakah na maipamahagi ang yaman sa pamayanan, upang tanggalin ang kahirapan, inggit at samaan ng loob sa kumunidad. Ang salitang Zakah ay nangangahulugan ng 'paglilinis', kaya naman, sa pamamagitan ng Habag mula sa Allah, nagiging malinis ang ating kayamanan at maging ang ating mga kaluluwa.*

### Ika-apat na Artikulo

Ang pag-aayuno na nagsisimula bago sumikat ang araw at nagtatapos pagsapit ng takip-silim sa buwan ng *Ramadhan*, ang ika-siyam na buwan sa Islamic Lunar Calendar. Habang sumisikat ang araw, kailangang umiwas sa pagkain, pag-inom at pakikipagtalik ang isang Muslim, at maging ang pag-iwas mula sa mga bagay na ipinagbabawal sa relihiyon ay kailangan ding iwasan katulad ng paninirang-puri, pagsaksi sa kasinungalingan at iba pa.

**Ang kahalagahan sa artikulong ito ng relihiyon:** *Ang pag-aayuno ay isang*

*gawaing nakatutulong upang paunlarin at palakasin ang sarili, pagtitiis, at katibayan sa tunay na pananampalataya ng isang tao at pagkakaroon ng tunay na takot sa Diyos (taqwa). Nakatutulong din ito upang maalala natin ang mga taong mas mahirap kaysa sa atin, ang mga taong nahihirapang makasumpong ng pagkain para sa kanilang araw-araw na pamumuhay.*

### **Ika-limang Artikulo**

Ang Paglalakbay sa Makkah (*Hajj* sa wikang Arabik), isang beses sa buhay ng isang tao na may kakayahang pinansyal at malakas na pangangatawan upang isagawa ito.



*Ang tinaguriang 'The Station of Abraham' (Maqaam Ibrahim) sa Makkah, kung saan itinayo ni Abraham ang haligi ng Kaabah, sumakanya nawa ang kapayapaan.*

**Ang kahalagahan sa artikulong ito ng relihiyon:** *Ang paglalakbay ay taunan at malawakang pagtitipong ginagawa ng mga Muslim mula sa iba't ibang panig ng mundo. Ito ay pagpapatunay at pagpapakita ng pagkakaisa ng sangkatauhan at pagkakaisa sa relihiyon; ang Diyos ay Iisa, ang sangkatauhan ay iisa at ang kanilang relihiyon ay iisa. Ang paglalakbay ay isang anyo ng pagsamba at pagpupuri sa Allah, bilang pagpapahalaga sa ginawang pagsamba at pag-aalay ni Propeta Abraham at ng kanyang anak na si Ishmael, sumakanila nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah.*



*Ang mga panuntunang pang-relihiyon ang naglalayo sa puso at isipan ng isang Muslim mula sa pisikal na pangangailangan at materyalismong kaisipan tungo sa espiritwal na kaalaman at pagbabago. Sa ibang salita, itinataas nila tayo mula sa makamundong bagay patungo sa espiritwal na pamumuhay nang ating pagkakalikha, kung saan patuloy tayo sa paglapit sa ating Tagapaglikha, sa ating mga tungkulin, at pananagutan sa Kanya, at sa responsibilidad natin sa sangkatauhan.*



*Ang larawan ng minaret sa Sultan Qaboos Grand Mosque in Muscat, Oman. Sa mga nakaraang panahon, inilagay ang minaret sa mataas na lugar kung saan ang panawagan sa pagdarasal ay ginagawa. Sa kasalukuyan, ito ay nananatiling simbolo ng arkitektura na naglalarawan ng isang mosque.*

## **Ang Likas at mga Katangian ng Allah – ang Tagapaglikha**

Ang bawat tao ay may kanya-kanyang pangalan, kaya naman ang Tagapaglikha at ang Panginoon ng Kalawakan ay kilala sa Kanyang **personal** na pangalan na “Allah”. Ito ay natatanging pangalan na walang kasariang tinutukoy, pangmaramihan o pinagmulan. Ang Allah ay hindi maaring lalake o babae. Hindi Siya nagmula sa tatay o sa nanay. Siya ay walang katulad o replica, walang kapantay o kahanay. Ang Kanyang kalagayan ay naiiba at hindi naibahagi kailanman sapagka’t Siya ang Natatangi at Nag-iisang may karapatang tawaging **Al-Wahid**, ang Nag-iisa at ang Natatangi. Ang Allah ay Walang Katulad. Kaya naman:

1. Sa Allah nauukol (a) ang walang katulad na mga katangian ng Kataas-taasan, maging ang Kanyang Nag-iisang Pag-iral, sa Kanyang Sarili, Siya ay Walang Simula at Walang Katapusan at iba pa, (b) walang katulad na katangian at di-Maihahambing na nagpapatunay sa Kanyang Likas at Walang Hanggang Kakayahan, Siya ang Nananatiling-Buhay at ang Nagbibigay ng Buhay, Siya ang Nakakarinig ng lahat, at ang Nakakakita ng lahat at Nagpapalakad ng lahat ng bagay, Siya ang Pinakamakapangyarihan at may kakayahang magtakda ng Kanyang Naisin, at marami pang iba. Ang lahat ng mga naturang katangian ay walang katulad at hindi maaaring ibahagi sa anumang nilikha.
2. Sa Allah nauukol ang magagandang pangalan na nagpapatatag sa Kanyang mga Katangian. Kabilang sa mga pangalang ito Ang Pinakamahabagin, Ang Mapagpatawad, Ang Tunay na Mapagmahal, Ang Matalino at kung anu-ano pa.
3. Ang Kabanalan, ang Pagka-Panginoon at ang Karapatang Pagsilbihan (*Ulubiyah, Rububiyah at Ubudiyah* sa wikang Arabik) ng Allah ay hindi maaaring ibahagi sa ibang nilikha.
4. Kaugnay ng Kabanalang Kapuri-puri, ang pangalang Allah ay nangangahulugan ng Nag-iisa na kung saan ang ating tiyak na pagsunod at pagmamahal ay nararapat, at kung saan ang ating tiyak na proteksyon at pagpapasakop ay nagmula.

Ang kahulugan ng pangalang Allah ay tumutugma sa tunay na diwa ng monotismo. Karagdagan pa rito, ang kahulugan ng Kanyang pangalan na ginagamitan ng salitang ‘God’ ay hindi sapat upang ito ay maglarawan sa Kanya,

bagaman at sa Islamikong litiratura ang magkaparehong salita ay kalimitang ginagamit na mayroong katulad na kahulugan.

Ang Allah ang Tagapagsimula at Tagapanustos ng buong Kalawakan, at ang lahat ng nilikha ay nananawagan sa Kanya dahil sa kanilang paniniwala at pagsunod sa Kanya, at ito ay paraan din upang Siya ay ating pasalamat. Ang hindi pagtanggap sa likas, mga katangian at mga pangalan ng Allah, o kaya ay ang pagtatambal sa Kanya ng anumang may buhay (na tinatawag na Shirk sa wikang Arabik) ay itinuturing na pinakamalaking kasalanan na kailaman ay hindi pinatatawad ng Allah, maliban lamang kung nagsisi ng tapat ang gumawa nito. Sinabi ng Allah sa Qur'an (4:48);

*Hindi pinatatawad ng Allah ang pagbibigay ng katambal sa Kanya; subali't pinatatawad Niya ang anumang katanggap-tanggap sa Kanya; ang pagtatambal sa Allah ay itinuturing na pinakamalaking kasalanan.*



*Ang Mosque–Cathedral of Córdoba, na kilala rin sa tawag na Great Mosque of Córdoba at ang Mezquita, na ang apostolikong pangalan ay Cathedral of Our Lady of the Assumption ay ang Catholic cathedral of the Diocese ng Córdoba. Ang pagkakatagawa ng ‘monuments of Moorish’ ay itinuturing na isa sa pinakamabusay na arkitekto sa kasaysayan.*



## **Si Propeta Muhammad – Ang Kanyang Talambuhay at Personalidad**

Si Muhammad – naway ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasa kanya, ay propeta ng Allah na isinugo sa buong sangkatauhan. Bago pa si Propeta Muhammad, ang Allah ay nagpadala ng ibang mga propeta katulad nina Noah, Abraham, Moses at Jesus, naway ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasa kanilang lahat. Ang lahat ng propeta ay ipinadala sa kani-kanilang pamayanan at sa itinakdang panahon. Ang mga Muslim ay naniniwala, gumagalang at rumirespeto sa lahat ng propeta ng Allah. Si Propeta Muhammad ay tumanggap ng pinakamataas na kalagayan mula sa mga Muslim sapagka't siya ang pangwakas na propeta na isinugo sa buong sangkatauhan upang maghatid ng pangkalahatang mensahe na nananatiling buhay at ganap.<sup>7</sup>

### **Ang lahing kanyang pinagmulan**

Si Propeta Muhammad ay isang Arabo at kabilang sa saling-lahi ni Ishmael na anak ni Abraham. Siya ay nagmula sa kinikilalang angkan ng Bani Hashim, na isa sa mga angkan ng nangungunang tribu ng Quraysh sa Makkah.

### **Ang kanyang kapanganakan**

Si Propeta Muhammad ay isinilang sa Makkah noong taong 570 CE, ang pagitan nito ay humigit-kumulang anim na siglo pagkaraan ng pagiging propeta ni Jesus. Ang kanyang mga magulang ay parehong nagmula sa mga pinagpipitagang angkan at sila ay magkamag-anak. Ang kanyang ama ay si Abdullah, anak ni Abd al-Muttalib, na anak ni Hashim, na anak ni Abd al-Manaf, na anak ni Qussay, na anak ni Kilaab, na anak ni Murrhah. Ang kanyang ina ay si Aaminah, na anak ni Wahab, na anak ni Abd al-Manaf, na anak ni Zuhrah, na anak ni Kilaab, na anak ni Murrhah.

Namatay ang tatay ni Propeta Muhammad bago pa man ang kanyang pagsilang, at maging ang kanyang nanay ay pumanaw rin sa edad niyang anim na taon. Pinalaki siya at inalagaan ng kanyang lolo, na si Abd al-Muttalib. Makalipas ang dalawang taon, nalipat sa kanyang tiyuhin na si Abu Talib ang pangangalaga sa kanya, na siya namang pumalit bilang pinuno ng angkan ng Bani Hashim pagkaraang mamatay si Abd al-Muttalib.



## Ang kanyang personalidad at karakter

Bago siya maging propeta, si Muhammad ay lumaki na isang simple at makatotohanang tao na taglay ang mataas na moral at karakter. Hindi siya marunong bumasa at sumulat, at kailanman ay hindi siya sumamba sa mga idolo, ito ang panahon kung saan ang mga tao ay sumasamba sa mga diyus-diyusan. Bagkus ay nakaugalian niyang magtungo sa isang kuweba sa labas ng Makkah na inaabot ng ilang araw upang magmuni-muni sa kanyang Tagapaglikha at sa mga kapwa niya nilikha.



*Si Mubammad – naway ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasa kanya*

Kilala siya bilang ‘ang isang makatotohan at ang isang mapagkakatiwalaan’ (sa wikang Arabik ay *As- Saadiqul-Ameen*) at may katapatan. Maraming tao ang nagpapatago sa kanya ng kanilang mga ari-arian para sa pangangalakal o kaya ay upang ipatago lamang.

Likas kay Muhammad – naway ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasa kanya, ang pangangalaga sa kanyang mga tao at pinoprotektahan niya ang mahihirap at mga taong salat sa buhay sa pamamagitan ng pakikipag-alyansa upang pangalagaan at tulungan sila.

## Ang Pagkakapahayag

Ang pagpapahayag ay naganap habang si Propeta Muhammad – naway ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasa kanya, ay nananatili sa loob ng kuweba nang si Anghel Gabriel ay dumating upang maghatid ng unang rebelasyon mula sa Allah.

*Basahin! (O kaya’y bigkasin! O kaya’y ideklara!) Sa pangalan ng iyong Panginoon na lumikha. Lumikha sa tao mula sa namumuong dugo. Basahin! At ang iyong Panginoon ang Lubos na Mapagbigay. Siya ang nagturo sa (paggamit) ng panulat. Ang nagturo sa tao ng mga bagay na hindi niya nalalaman. (Qur’an 96:1-5).*

Ang rebelasyong ito ay kanyang natanggap noong 610 CE habang siya ay 40 taong gulang.

*Mabalagang banggitin na ang unang kapahayagan ay tumatalakay sa kaalaman at dabilan upang maging basehan sa pagpapahayag ng pananampalataya at katotohanan, at ito ang saligan ng mismong pananampalataya.*

Ang mga kapahayagan na dumating sa kanya sa pamamagitan ni Anghel Gabriel ay nagpatuloy sa loob ng 23 taon bilang isang Propeta. Sa loob ng 13 taon ay inihatid niya ang mensahe ng Islam sa Makkah habang siya at ang kanyang mga kasamahan ay nakakaranas ng di-pagtanggap at persikusyon. Subali't noong taong 622 CE, dulot na rin ng nararansang pagpapahirap mula sa mga kalaban at ang malawakang pag-usig, ang Propeta at ang kanyang mga tagasunod ay napilitang lumikas patungo sa Madinah, isang lungsod na halos 400 kilometro ang layo sa Makkah. Tinanggap sila ng mga taga-Madinah ng may paggalang at puspos ng kabaitan. Nagpatuloy ang pagtanggap at pagpapahayag ng mensahe ang Propeta mula sa Allah sa lungsod ng Madinah sa mga sumunod na taon na umabot ng hanggang 10 taon, at dito niya itinatag ang kauna-unahang Islamikong pamayanan.

### Ang kanyang kamatayan

Noong taong 632 CE, sa edad niyang 63, si Propeta Muhammad – naway ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasa kanya, ay binawian ng buhay pagkaraang dapuan ng karamdaman at siya ay inilibing sa Madinah, sa loob ng bahay ng kanyang asawang si Aisha, naway kalugdan siya ng Allah.

*Kaya magtiwala sa Allah; ikaw (O Muhammad) ay katiyakang nasa malinaw na Katotohanan (Qur'an 27:79)*



## Ang Pagiging Makatotohanan ng Propeta

Sa mga nagdaan kasaysayan ng sangkatauhan, ang mga katangian ng propeta ng Diyos ay laging pinagdududahan, at si Propeta Muhammad ay hindi nakaligtas sa ganitong sitwasyon. Ipinabatid sa atin ng Qur'an ang ilang katangian ng isang propeta ng Diyos, ito ang kanilang mabuting personalidad at ang hindi mapasubaliang katotohanan ng mensahe na nagmula sa kanilang Panginoon. Tungkol kay Propeta Muhammad – naway ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasa kanya, may apat na usapin o paksang makapagpatunay sa kanyang pagiging makatotohanan.

### **Unang argumento (o paksa)**

Sa nabasa natin mula sa ika-4 na bahagi ng aklat na ito, si Propeta Muhammad ay isang taong nagtataglay ng mataas na integridad at iginagalang ng mga tao dahil sa mataas na antas ng kanyang pagkatao. Kilala siya sa isa sa kanyang palayaw na 'ang makatotohanan at ang mapagkakatiwalaan'. Sinimulan ng Propeta ang kanyang misyon bilang propeta sa edad na apatnapu. Hinahamon nito ang lahat ng dahilan at lohika upang patunayan na ang taong ito na kilala sa pagiging mabuti at makatotohanan ay biglang magbabago sa kanyang edad sa panahong iyon, at bigla na lamang magiging isang sinungaling at impostor.

Maaring may mag-isip na gusto lamang niyang itaas ang kanyang kalagayan sa lipunan. Subali't kilala na siya bilang isang kagalang-galang na tao na nagmula sa isang respetadong angkan ng Quraysh sa Makkah. Sa katunayan, nang siya ay nagsisimula pa lamang sa kanyang pagiging propeta ay inalok siya ng mataas na posisyon bilang pinuno upang kanyang wakasan ang kanyang pagpapahayag ng mensahe, subali't ito ay kanyang tinanggihan.<sup>8</sup> Ito ay nagpapatunay na hindi siya naghahangad ng anumang mataas na katayuan sa lipunan.

### **Pangalawang Argumento (o paksa)**

Ang mga sugo ng Diyos ay nagtataglay ng Banal na mensahe na ipinahayag sa kanila. Si Propeta Muhammad ay suportado ng Qur'an. Sa ipinakita sa ika-7 bahagi, ang Qur'an ay hindi maaaring isulat ng Propeta, ito ay isang tunay at Banal na kapahayagan. Sa katunayan, hinamon ng Qur'an ang sangkatauhan na lumikha na kapareho nito, kung may nag-aakalang ito ay isinulat ng Propeta. Sa huli, nabanggit sa unang bahagi ng aklat na ito na ang Propeta ay hindi

isang mahusay na tao na may kakayahang sumulat ng isang aklat. Ang Qur'an ang buhay na patunay sa katotohanan ng kanyang pagiging Propeta, at ito ang natatanging milagro na inaako ng Propeta.<sup>9</sup>

### **Ikatlong Argumento (o paksa)**

Sinimulan ni Propeta Muhammad ang isang samahan at positibong nagtagumpay na nagpabago sa anyo ng sibilisasyon sa pamamagitan ng isang malawakan at mabilis na paraan na hindi pa nasaksihan sa kasaysayan ng sangkatauhan. Karagdagan pa rito, walang ibang relihiyon ang nakapagtala ng progresibo at matagumpay na impluwensya sa panahon ng modernong sibilisasyon at pagbabago maliban sa Islam. Ang mabilis na pagbabagong naganap sa kasaysayan ng tao ay hindi pa natamo ng maging mga samahang nanguna sa pamamagitan ng pandaraya. Sa muli, ang bagay na ito ang humahamon sa lahat ng usapin at lohika.

### **Ika-apat na Argumento (o paksa)**

Si Propeta Muhammad – naway ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasa kanya, ay nabanggit sa mga naunang kapahayagan sa mga nangungunang relihiyon, katulad ng Judaism, Christianity, Hinduism at Buddhism.

Sa Qur'an ay makikita natin na si Propeta Muhammad ay binanggit sa mga kapahayagan ng Jewish at maging sa kapahayagan ng Christian.

*Silang mga sumusunod sa Sugo, ang hindi nakapag-aral na propeta, na makikitang binanggit sa kanilang sariling (Kapahayagan); sa Torah at sa Gospel. (Qur'an 7:157)*

Sa Deuteronomy 18:18 ay mababasa:

*Aking iaangat ang isang propeta mula sa kanilang mga kasamahan, katulad ni Moses, at ilalagay ang aking mga salita sa kanyang bibig, at siya ay magsasalita sa kanila, kung ano ang ipinag-utos Ko sa kanya.*

Walang propeta ang dumating pagkaraan ni Moses na naging angkop ang bersikulong ito na nagmula sa Old Testament maliban kay Propeta Muhammad: **Una**, ang mga kasamahan ng mga Jews ay mga Arabo. Ang Angkan ng Israel ay

nagmula kay Isaac at ang lahi ng mga Arabo ay nagmula kay Ishmael. Sina Isaac at Ishmael ay mga anak ni Abraham kaya naman ang pinagmulan ng kanilang saling-lahi ay magkakapatid. **Pangalawa**, si Muhammad ay katulad ni Moses, samantalang si Jesus ay hindi: (1) Sina Moses at Muhammad ay parehong may tatay at may nanay. Si Jesus ay may nanay lamang at walang tatay. (2) Sina Moses at Muhammad ay parehong natural na namalagi sa sinapupunan ng kanilang mga ina. Si Jesus ay namalagi sa sinapupunan ng kanyang ina sa pamamagitan ng isang himala. (3) Sina Moses at Muhammad ay parehong nag-asawa at nagkaanak, samantalang si Jesus ay hindi. (4) Sina Moses at Muhammad ay parehong naghatid ng mga bagong batas at regulasyon sa kanilang mga tao, samantalang si Jesus ay hindi. (5) Sina Moses at Muhammad ay parehong namatay sa natural na paraan. Sa parehong Islamiko at Kristiyanismong paniniwala, samantalang si Jesus ay hind umalis sa mundong ito sa natural na paraan. Pangatlo, bilang pagpapatunay sa atin sa ipinahayag sa Qur'an (53:3-4), si Propeta Muhammad ay hindi nagsasalita mula sa kanyang sarili, subali't ang mga salitang ito ay direktang rebelasyon o kaya ay inspirasyon mula sa Diyos.

Mababasa sa Bagong Tipan, sa Ebanghelyo ni Juan:

*Maraming bagay ang nais kong sabihin sa iyo, subali't hindi mo ito matatanggap sa ngayon. Kung paano kapag siya ay dumating, ang Espiritu ng katotohanan, gagabay ka tungo sa labat ng katotohanan; sapagka't hindi siya magsasalita ng para sa kanyang sarili lamang, subali't kung anuman ang kanyang marinig, ay kanyang sasabihin; at ipapakita niya sa iyo ang mga bagay na darating. Siya ay luluwalhati sa akin, sapagka't tatanggapin niya ako at ipakikita niya ito sa iyo. (Joan 16:12-14)*

Sa mga talatang ito ay nakasaad 'ang Espiritu ng katotohanan' na hindi magsasalita ng sa sarili niya lamang. Ang Espiritu ng katotohanan ay hindi maaring maging Banal na Espiritu, sapagka't ang Banal na Espiritu ay na kay Jesus (Luke 4:1 at 3:22, Jonh 20:22, Acts 2:4 at iba pa). Karagdagan pa rito, ang Espiritu ng katotohanan ay luluwalhati kay Jesus. Walang ibang propeta ang darating pagkaraan ni Jesus at luluwalhatiin siya maliban kay Muhammad, (tingnan ang ika-11 bahagi). Walang pagdududa na ang 'espiritu ng katotohanan' na darating pagkaraan ni Jesus ay si Muhammad, sumakanila nawa ang kapayapaan.



*Ang Minarets Skyline ng Istanbul, bahagi ng lungsod sa Asya.*

Karagdagan pa rito, si Propeta Muhammad ay nabanggit sa Biblia na matatagpuan sa Isaiah 29:12, John 14:16, John 16:7, Matthew 21:43 and Acts 3:22. Pansinin ang katagang ‘Comforter’ na nabanggit sa mga talatang ito na isinalin mula sa salitang Greek na ‘Paracletos’ na nangangahulugan ng ‘the praised one’ na kung isasalin sa wikang Arabik ay nangangahulugan ng ‘Ahmad’ o kaya ay ‘Muhammad’.<sup>10</sup>

Ang maingat at patas na pag-aaral ay nagsasabing si Propeta Muhammad ay nabanggit din maging sa kapahayagan ng Hindu at Buddhist. Sa kanyang aklat na pinamagatang “*Muhammad in the Hindu Scriptures*”, si Dr. Ved Prakash Upaddhay ay nagsabing natuklasan niya ang maraming talata mula sa Hindu scripture na nagpapatunay tungkol sa Propeta. Maging ang Vedas na nagsabi sa pagdating ng isang Maalam ay tumutukoy at akma-akma sa personalidad ni Propeta Muhammad. Ang kanyang pagkakakilanlan na unang naisulat sa orihinal na lengguwaheng Sanskrit;

1. Ang salitang *Narashagsa* na nangangahulugan ng ‘the praised one’. Ito ang kahulugan ng dalawang pangalan ng Propeta na Ahmed at Muhammad. Karagdagan pa rito, ang lugar ng kapanganakan at mga kalidad ng salitang *Narashagsa* ay akma-akma sa personalidad ng Propeta.
2. Ang salitang *Antim Rishi* o ang tinatawag na ‘the Final Sage’ ay nangangahulugan na si Propeta Muhammad ay panghuling sugo para sa buong sangkatauhan.



3. Ang salitang *Kalki Avatar*, ito ay Maalam na darating para sa huling henerasyon. Si Propeta Muhammad ay panghuling sugo para sa buong sangkatauhan.
4. Ang salitang *Kauram* ay nangangahulugan ng ang emigrante. Si Propeta Muhammad ay naglakbay patungo sa Madinah, (tingnan ang ika-4 na bahagi).
5. Ang kanyang ama ay nabanggit bilang “Vaishnuvesh” na nangangahulugan ng ‘*Alipin ng Diyos*’ at ang kanyang ina ay “Sumati” na may kahulugang ‘*Kapayapaan*’. Ang dalawang pangalan na ito ay tumutukoy sa ‘*Abdallah*’ at ‘*Amna*’ sa wikang Arabik ay pangalan ng ama at ina ng Propeta.
6. Ang pangalan ng darating na Maalam ay *Mamaha*. Hindi ito isang salitang Sanskrit subali’t ito ay ang Sanskrit sa wikang Arabik na Muhammad.

Sa Buddhist scripture, nagbigay si Gautama Buddha ng propisiya sa pagdating ng *Antim Buddha* o kaya ay ang Panghuling Maalam, na ang pangalan ay tatawaging Maitreya. (*Gospel of Buddha* by Carus, pahina 217). Ang paglalarawan sa salitang Maitreya ay akmang-akma sa personalidad ni Propeta Muhammad.

1. Si Propeta Muhammad ang huling Sugo, ang Huling Maalam.
2. Ang Maitreya ay nangangahulugan ng ‘Ang Mahabagin’. Si Prophet Muhammad ay inilarawan sa Qur’an (21:107) bilang isang ‘*habag*’ para sa lahat ng tao sa daigdig.
3. Ang Maitreya ay punong-puno ng karakter ni Buddha: Siya ay nagmula sa isang pinagpipitagang pamilya, na namalagi sa kuweba at dinalaw ng mga Anghel, nagkaroon ng mga asawa at mga anak, nagtrabaho upang mabuhay, at namuhay ng normal na buhay, i.e. at namatay sa natural na kamatayan. Ang lahat ng paglalarawang ito ay makikita kay Propeta Muhammad.
4. Ang Maitreya ay nangangahulugan ng isang lider. Si Muhammad ay hindi lamang isang Propeta, bagkus, siya ay isa ring pinuno ng pamayanang Muslim.
5. Ang Maitreya ay tumutukoy sa nakalipas na Buddhas. Si Muhammad ay malimit na nagsasabi tungkol sa mga nakaraang sugo. Sa Qur’an ay

binanggit ang kasaysayan ng dalawampung-apat na propeta na nagdaan bago dumating ang panahon ni Propeta Muhammad.

6. Ang Maitreya ay hindi nagkaroon ng guro sa daigdig. Si Propeta Muhammad ay hindi nakapag-aral at walang naging guro dito sa daigdig. Ang lahat ng kanyang kaalaman ay hango mula sa mga rebelasyon na ipinadala ng Diyos.

Sa kabuuan, ang mga katibayan ng Propeta sa kanyang mataas na antas ng pag-uugali, ang mensahe na kanyang dinala, ang nagpapatuloy na pagbabago sa sibilisasyon ng sangkatauhan na nagmula sa kanyang mga ginawa, at maging ang mga propesiya sa kanyang pagdating ay nasusulat sa mga kapahayagan ng pangunahing mga relihiyon.



*Ang tinatawag na The Prophet's Mosque sa Madinah (Masjid Al-Nabawi). Ang mosque na ito ay ginawa ng Propeta sa tabi ng kanyang babay noong taong 622 CE. Pagkaraan ng maraming beses na pagpapalawak, sa kasalukuyan, ito ay isa sa pinakamalaking mosque sa buong mundo at pangalawa sa pinakabanal na mosque na sumunod sa Makkah (Masjid Al-Haraam).*

## Ang Kasaysayan at Mensahe ng Qur'an

Ang Qur'an ay kapahayagang ibinaba ng Allah kay Propeta Muhammad, naway ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasa kanya, sa pamamagitan ng Kanyang anghel na si Anghel Gabriel. Ito ang huling kapahayagan ng Allah para sa buong sangkatauhan hanggang sa huling oras. Ibinaba ng Allah ang Qur'an upang gawing ganap ang mensahe sa buong sangkatauhan, nagpapatunay sa mga naunang kapahayagan at itinama ang mga ginawang pagbabago at pagbabawas na naganap sa mga nakaraang kapahayagan.<sup>11</sup>

### **Ito ay rebelasyon**

Ang Qur'an ay ibinaba sa wikang Arabik sa magkakahiwalay na pagkakataon sa loob ng 23 taon mula 610 hanggang sa 632 CE. Ang magkakasunod na rebelasyong ito sa Propeta ay nagdulot ng progresibong patnubay sa mga mananampalataya sang-ayon sa pangangailangan ng mga kaganapan at pagkakataon. Kinailangan nito ang mainam na pagkakataon sa pagpapatupad ng Allah sa Kanyang mga batas para sa buhay ng mga mananampalataya.

Ito ay naisulat at iningatan

Kapag tumatanggap ng mga rebelasyon ang Propeta, naway ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasa kanya, inuutusan niya ang kanyang manunulat na isulat ang rebelasyong kanyang natanggap sa ilalim ng kanyang pagsusuri. At sa magkakatulad na panahon, ang Propeta at maging ang kanyang mga kasamahan, lalake at babae, ang nakakamemorya ng rebelasyon kung paano ito ipinahayag. Sa ganitong sitwasyon, ang Qur'an ay naisulat at naisaulo ng kalalakihan at kababaihang mananampalataya sa panahong nabubuhay pa ang Propeta. Ang ganitong paraan ng pagsasaulo ng Qur'an ay nagpatuloy hanggang sa kasalukuyan. Sa kasaysayan ng Islam, milyon ang bilang ng mga Muslim na nakasaulo ng buong Qur'an mula sa kanyang orihinal at purong mga salita. Sa kasalukuyan ay mayroong humigit-kumulang dalawampung milyon mga Muslim ang nakasaulo ng buong Qur'an at ilang milyon naman ang nakasaulo ng ilang bahagi lamang nito.

Ang mga nilalaman at ang pangkalahatang paksa.

Ang Qur'an ay binubuo ng 114 na mga kabanata. Ang bilang ng mga talata

sa bawat kabanata nito ay nagsisimula sa 3 talata (mga kabanata 103 at 108) hanggang sa 286 na mga talata (kabanata 2). Ang Qur'an ay aklat ng patnubay, babala at magandang balita at mga kuwento nang mga nakaraang pamayanan at mga propeta. Sa kabuuan, ito ay tumatalakay sa apat na paksa.

**Una**, ito ay naglalarawan sa atin tungkol sa Allah; ang Kanyang pagkakakilanlan at mga katangian. Isang halimbawa, makikita natin sa kabanata bilang 112, sa ika-2 bahagi ng aklat na ito, ang naglalarawan sa Kanyang Kaisahan (*Tawheed*) at sa Kanyang mga naiibang katangian na **hindi maihahambing** sa ibang mga nilikha. Ang talatang nasa ibaba ay kilala sa tawag na 'the verse of the



*Allah, ang Walang Hanggan, at Tagapanustos ng buong kalawakan; walang ibang diyos maliban sa Kanya. Hindi Siya inaantok o natutulog. Anuman ang mga nasa kalangitan at mga nasa kalupaan ay nasa Kanyang pangangalaga. Walang sinuman ang makakapamagitan sa Kanya maliban lamang kung Kanyang pahintulutan. Nababatid Niya kung ano ang mangyayari sa tao at kung ano ang kanilang itinatago. At hindi nila nalalaman ang anumang Kaalaman Niya maliban kung naisin Niya. Ang Kanyang Kaharian ay sakop ang mga kalangitan at ang mga kalupaan, at ang pagbabantay dito ay hindi mahirap sa Kanya. Tanging Siya lamang ang Kataas-taasan at ang Dakila. (Qur'an 2:255)*

Throne' (*Ayatul Kursi* sa wikang Arabik) ay isang halimbawa sa paglalarawan ng katangian ng Allah:

**Pangalawa**, ito ay naglalarawan sa ating ugnayan sa Allah; kung bakit Niya tayo nilikha at kung ano ang ating tungkulin sa Kanya. Isang halimbawa, sinabi ng Allah sa Qur'an 51:56;

*Hindi Ko nilikha ang Jinns at mga tao, maliban na sila ay sumamba sa Akin.*

Dito ang salitang pagsamba ay nangangahulugan ng paglilingkod natin sa ating Tagapaglikha at mamuhay nang naayon sa Kanyang mga kautusan. At inilarawan din sa Qur'an ang ating tamang pakikitungo sa lahat ng nilikha, sa mga Anghel, sa Jinns, sa mga hayop sa mundo at sa lahat ng may buhay at ang pakikisalamuha natin sa kapwa natin nilikha.<sup>12</sup>

**Pangatlo**, ito ay nagbibigay ng patnubay sa pamamagitan ng mga batas at mga kautusan at nagtakda ng mga panuntunan kaugnay ng moralidad at mabuting paraan ng pamumuhay. Kung paano natin sasambahin ang Allah at kung paano tayo nararapat mamuhay. Ipinangako ang walang hanggang kaligayahan sa mga susunod sa patnubay at walang hanggang kaparusan sa mga magtatakwil ng gabay.<sup>13</sup>

**Pangwakas**, ang Qur'an ay nagsasabing ang lahat ng pamayanan ay tumanggap ng patnubay sa pamamagitan ng mga propeta. Isang halimbawa, sa 10:47, ang Allah ay nagsabi:

*Ang Sugo ay ipinadala sa bawat tao, at kapag ang kanilang Sugo ay dumating, ang kalagayan ng mga tao ay binubusgahan ng makatarungan; sila ay hindi gagawan ng kamalian.*

Bilang isang aral para sa sangkatauhan, inilahad sa Qur'an ang mga kaganapan kung papaano itinuring ng Allah ang mga nagdaang nasyon. Isang halimbawa, sinabi sa atin ang mga pinagdaanan ni Propeta Noah sa kanyang mga tao at ang tungkol sa biglaang pagbaha. Binanggit din kung ano ang naranasan ni Propeta Moses at ng kanyang mga tao mula sa Pharaoh. At ang pinakamainam na kasaysayan ay ang istorya ni Propeta Joseph. Sa kabuuan, naitala sa Qur'an ang kasaysayan ng 25 propeta mula sa libu-libong ipinadala ng Allah sa mga tao sa mga nakalipas na panahon.<sup>14</sup>





*Ang pagbigkas ng Qur'an ay isang anyo ng pagsamba sa Islam. Kaya naman, ang Qur'an, sa kasalukuyan, ang itinuturing na pinakabinabasang aklat sa buong mundo.*

### **Ang kalagayan ng Qur'an sa makabagong agham**

Ang Qur'an ay ipinahayag mahigit labing-apat na siglo na ang nakalilipas. Subali't, mula noon ay makikita natin ang mga bagay na may kaugnayan sa sensya na ngayon lamang natuklasan ng makabagong agham. Ang mga bagay na ito ay bumabalot sa iba't ibang sangay kabilang dito ang 'natural sciences, astronomy, geology, physics, biology, botany, zoology' at marami pang iba. Halina at pag-aralan natin ang ilang mga halimbawa.



## Ang Pagkakalikha ng Kalawakan


Sa Qur'an (21:30), ang Allah ay nagsabi:

*Hindi ba nakikita ng mga hindi nananampalataya na ang mga kalangitan at kalupaan ay dating magkasama (bilang isang bahagi ng Nilikha), bago pa Namin ito paghiwalayin? Nilikha Namin mula sa tubig ang lahat ng may buhay. Bakit hindi nila ito pinaniniwalaan?*

Karagdagan pa rito, sa kabanata 51 talata 47, ang Allah ay nagsabi:

*Ang kalangitan, Amin itong nilikha ng may lakas. Katunayan, Amin itong pinalalawak (o pinaliliit ang sukat nito).*

Ang mga talatang ito ay kabilang sa makabagong kaalaman na ang kalawakan ay nagsimula sa isa mausok na bahagi at pagkaraan ay sumabog at naging mga galaksi. Ito ay mas tanyag sa tawag na 'Big Bang Theory'. Karagdagan pa rito, pinatunayan ng makabagong agham na ang ating kalawakan ay patuloy na lumalawak simula pa noong naunang pagsabog.



*Ang tinatawag na Andromeda Galaxy, ay isa mula sa mga bilyong galaksi ng Allah. Ito ay nadiskubre ng isang Persian astronomer na kinilalang si Abd al-Rahman al-Sufi noong taong 964 CE.*

## Ang pagkabuo ng embreyo

Ang pagkabuo ng sanggol sa magkakasunod na antas ay inilarawan sa Qur'an sa maraming lugar, bilang isang halimbawa:

*Ang tao ay Aming nilikha mula (sa putik); at pagkatapos ay inilagay Namin siya na (isang patak) ng punlay sa isang lugar, isang matatag na pagkakalagay; at pagkatapos ay ginawa Namin ang punlay na isang namumuong dugo; at mula sa namumuong dugo ay ginawa Namin silang bilig; at pagkatapos mula sa pagiging bilig ay binalutan Namin ng mga buto at laman, at pagkatapos ay nilikha Namin ang isang bagong nilikha. Kaluwalhatian sa Allah, ang Pinakamabusay sa paglikha. (Qur'an 23:12-14)*

Ang mga talatang ito ay naglalarawan ng isang malinaw at tamang paglikha ng embreyo mula sa simula, sa pamamagitan ng isang detalyadong wikang Arabik. Sa umpisa, ang malusog na sinapupunan ay lumikha ng isang namumuong dugo (*'alaqah*), at ito ay naging laman (*mudghah*). At ang sumunod, ang mga buto ay nagsimulang mabuo sa laman at sa huli, ang laman ay nabuo hanggang tuluyang balutin nito ang mga buto. Ito ang ginawang paglalarawan ng Qur'an kung papaano nabubuo ang isang sanggol.

Ang dalawang salitang Arabik na ginamit sa naturang talata ay *'alaqah* at *mudghah*, ay sadyang makahulugan sa kanilang pagiging tama.

Maliban sa namumuong bagay, ang *'Alaqah* ay nangangahulugan din ng 'isang nakabitin na bagay' at tila-uod'. Kung pag-aaralan natin ang embreyo sa mga unang antas pa lamang nito, makikita nating ito ay nakasabit sa gilid ng uterus, at hindi lumulutang. Katulad din nito ang hugis o anyo ng isang uod. Ang uod na ito ay isang uri ng nilikha na dumidikit sa balat at sumisipsip ng dugo ng hayop. Ang bilig (fetus) ay kumukuha din ng dugo mula sa ina sa pamamagitan ng plasenta.


Ang *'alaqah* na nagiging *mudghah* na nangangahulugan ng 'isang namumuong laman'. Kung pag-aaralan nating mabuti ang embreyo pagkaraan sa pagiging *'alaqah*, makikita nating ito ay katulad ng tila isang gum na nginuya na may naiwang bakat ng mga ngipin.

Ang nakamamanghang paglalarawang ito kung papaano nabubuo ang embreyo ay naitala na sa Qur'an noong ika-7 siglo. Samantalang natuklasan lamang ito ng mga dalubhasa noong ika-19 na siglo pagkaraang maimbento ang isang makina na nakakapagpakita ng hugis at anyo ng isang imahe.

Isa pang mahalagang punto na naitala sa Qur'an ay nang sabihin nitong ang bilig (fetus) ay protektado sa loob ng tatlong lambong ng kadiliman. Sa tala 39:6 ng Qur'an, ang Allah ay nagsabi:

*Nilikha Niya kayo sa sinapupunan ng inyong mga ina, sa tatlong antas, isa pagkatapos ng isa, sa tatlong lambong ng kadiliman.*

Sa pamamagitan ng makabagong teknoholiya, alam nating ang bilig ay protektado una sa tinatawag na 'abdominal wall' ng ina, pangalawa sa tinatawag na 'uterine wall' at pangatlo ay sa tinatawag na 'amnio-chorionic membrane'. Ito ang tatlong bahagdan ng lambong, na sa muli ay nagpapatunay sa katotohanang ipinahahayag ng Qur'an.



*Ipinakikita ng larawan sa bandang kaliwa ang embreyo habang nasa estado ng tinatawag na "mudgha" na kabalintulad sa anyo ng isang bubble gum na nginata. Samantalang ipinakikita naman ng larawan sa kanang bahagi ang embreyo habang nakabitin sa gilid ng sinapupunan na pinoprotektahan ng tatlong magkakasanib na bahagdan.*

## Ang Gawain ng mga Bundok

Makikita natin ang mga bundok sa kahanga-hanga at kakaibang hugis at laki nito sa ibabaw ng mundo. Subali't ang mas mahalaga rito, sila ay may ginagampanang mahalagang tungkulin upang pangalagaan at panatilihin ang tibay at tatag ng ibabaw ng mundo. Ang ilalim ng lupa ay hindi masyadong matatag at buo bagkus ito ay kinabibilangan ng mas maraming likido, kaya naman ang ibabaw ng lupa ay nangangailangan ng isang bagay na magpapanatili sa katatagan nito. Natuklasan ng mga dalubhasa na ang matataas na bundok ang sumusuporta upang patibayin ang ibabaw ng lupa na may mga ugat sa ilalim nito. Kaya ang mga bundok ay nagsisilbing paltak o pampatibay.


Sinabi ng Allah sa Qur'an (21:31):

*At nilagyan Namin ng nakatayo at matatag na mga bundok ang mundo, kung hindi (ang mundo) ay gagalaw ito na kasama nila.*

At sa kabanata 78 talata 6 at 7, ang Allah ay nagsabi:

*At hindi ba ginawa Naming malawak ang mundo, at ang mga bundok ay nagsisilbing paltak o pampatibay?*

Ang mga talatang ito ang nagpapatunay sa natuklasan ng mga dalubhasa sa pamamagitan ng makabagong teknolohiya kaugnay sa tungkulin na ginagampanan ng mga bundok. Ang teyoryang ang mga bundok ay mayroong ugat ay natuklasan noong 1865 at ang kaalamang nagsasabing ang mga ugat nito ang nagpapatatag ng mundo ay nabuo noong mga huling taon ng ika-20 siglo.<sup>15</sup>



*Ang ilustrasyong ito ay naglalarawan na ang bundok ay may malalim na ugat sa ilalim ng Mundo.*

## Ang Tubig ay Buhay

Batid ng nakararaming ang tubig ay pinagmumulan ng buhay, gayun pa man, pinatutunayan ng Qur'an na ang lahat ng may buhay ay nilikha mula sa tubig. Karagdagan sa talatang nabanggit sa itaas 21:30, mababasa rin natin sa talata 25:54,

*At Siya ang lumikha sa tao mula sa tubig. At ipinag-utos Niya ang pakikipag-ugnayan sa lahang pinagmulan at pag-iisang dibdib, nasa kapangyarihan ng kanilang Panginoon (ang lahat ng bagay).*

Katotohanang ang lahat ng nabubuhay na selula ay binubuo ng 80% na tubig at ang lahat ng organismong nabubuhay ay binubuo ng 50% na tubig. Karagdagan pa rito, alam nating ang lahat ng may buhay ay nangangailangan ng tubig upang magpatuloy ang kanilang pamamalagi.



Ang mga seyentipong terminolohiyang nabanggit ay ilan lamang sa mga nakasulat sa Qur'an na ipinahayag 1,400 na tao na ang nakalilipas, kung saan, ang mga tao ay kulang pa sa kaalaman tungkol sa astronomy, physics at biology. Lahat sila ay sumasang-ayon sa makabagong agham, bagaman at ang ilan dito ay pinatunayan at natuklasan lamang noong nakaraang siglo dulot ng makabagong teknolohiya ng kaalaman.<sup>16</sup>

*Ang Tubig ay Buhay? Ang pagbabagong taglay ng panahon na nagaganap sa buong mundo at ang dulot na pinsala ng ulan ang sanhi ng pagkawala ng buhay ng mga hayop at halaman sa iba't ibang panig ng daigdig.*



## **Ang Katotohanan ng Qur'an**

Totoo ba na ang Qur'an ay kapahayagang nagmula sa Diyos? Ito ay isang napakahalagang tanong sapagka't maraming kapahayagan sa ating panahon ang nagsasalungatan sa isa't isa, at ang lahat ng ito ay sinasabing nagmula sa Diyos. Ang karagdagang tanong na maaaring itanong ng mga tao ay: Paano tayo makasisiguro na ang Qur'an ay hindi nagbago noong mga nakaraang panahon?

Ang kasagutan sa mga katanungang ito ay matatagpuan mismo sa loob ng Qur'an na may tatlong batayan ng katotohanan.

### **Ang unang batayan**

Ang tunay na rebelasyon na nagmula sa Diyos ay nananatiling totoo at ligtas sa anumang mga pagsasalungatan. Sinabi ng Allah sa Qur'an 4:82:

*Hindi ba nila tanggap na ang Qur'an (ay pinangangalagaan)?  
Kung ito ay nagmula sa iba, at hindi sa Diyos, katiyakang  
kakikitaan nila ito ng maraming pagkakamali.*

Anumang kapahayagan na nagtataglay ng mga pagkakasalungatan o mga kamalian ay hindi maaaring nagmula sa Diyos. Ang Qur'an ay ligtas sa anumang mga pagkakamali at mga salungatan. Pinatunayan din na hindi ito nagbago sa paglipas ng panahon sa pamamagitan ng kamay ng mga tao. Ang ilang salungatan na kalimitang pinapansin ng mga bumabatikos at ng mga kritiko sa Qur'an ay dulot ng kawalan nila ng tamang pang-unawa sa wikang Arabik ng Qur'an at ang nilalaman nito kung kailan partikular na ibinaba ang naturang mga talata.

### **Ang pangalawang batayan**

Ang tunay na rebelasyon na nagmula sa Diyos ay nakahihigit sa kakayahan ng tao upang sakupin ang pangkalahatang pangangailangan sa larangan ng legislasyon, moral, kahalagahan at espiritwal na gabay, kabilang dito ang tungkol sa isang makabuluhang argumento, pangangatwiran, galing at anyo. Dahil dito, hinamon ng Allah ang buong sangkatauhan na magbigay ng aklat na katulad ng Qur'an. Sa talata 2:23-24, hinamon ng Allah ang mga hindi mananampalataya:



*At kung kayo ay may pagdududa sa Aming ipinadala (i.e. ang Qur'an) sa Aming alipin (Mubammad), magkagayon, gumawa kayo ng isang Surah (kabanata) na katulad nito at tawagin ninyo ang inyong mga saksi (mga taga-suporta at mga katulong) maliban sa Allah, kung kayo ay makatotohanan. Subali't kung hindi ninyo ito kayang gawin, at hindi ninyo ito magagawa, magkagayon, katakutan ninyo ang Apoy (Impiyerno) kung saan ang panggatong ay mga tao at bato, na inihanda para sa mga hindi naniniwala.*

Idinagdag pa ng Allah ang mga hamon sa talata 17:88:

*Sabihin: Kung ang buong sangkatauhan at mga Jinn ay magsama-sama upang gumawa ng katulad ng Qur'an, hindi sila makakagawa ng katulad nito, kahit pa sila ay magtulungan sa isa't isa.*

Tanging ang Nag-iisang Tagapaglikha lamang ang maaaring humamon. Walang sinumang tao ang makakasulat ng isang aklat at magsasabing walang makakatulad sa naturang aklat, ngayon o sa hinaharap. Karagdagan pa rito, kung ang Qur'an ay binago ng tao sa mga nakaraang panahon, ang tao ay maaaring gumawa ng isang aklat na katulad nito. Itong hamon na ito ay nananatili katulad ng hamong ginawa noon, mahigit 1,400 na taon na ang nakalilipas.


## **Ang ikatlong batayan**

Ang tunay na rebelasyon na nagmula sa Diyos ay naninindigan sa hamon ng panahon at nananatiling may kaugnayan sa pagsulong at sa pangangailangan ng tao tungo sa pagbabago. Ang mga panuntunan sa Qur'an tungkol sa batas at hustisya, ekonomik, sistemang panglipunan at kahalagahang pangmoral ay nananatili mula pa noon 1,400 ang nakalilipas nang ipahayag ang Qur'an. Karagdagan pa rito, ang mga naitala sa ika-6 na bahagi, ang Qur'an ay kumpletong batayan ng lahat ng aspeto ng makabagong kaalaman na may kaugnayan sa lahat ng usaping pang-aghham.

Kung ang Qur'an ay nagmula sa iba maliban sa Diyos o kaya ay nagbago, ang kahalagahan nito ay maapektuhan sa paglipas ng maraming taon. Ang

kahalagahan ng Qur'an ay mananatiling angkop sa lahat ng aspeto ng kaalaman at pangangailangan ng tao.

Ang mga batayang ito, kabilang na ang nananatiling mga rebelasyon sa loob mismo ng Qur'an, ay patuloy na naghahatid ng malawak na impluwensya sa pangangailangan at patnubay ng tao, na naglalarawan at pinatutunayan ng mga natural na mirakulong hatid ng Qur'an. Katunayan, ito ang himalang tanging inaangkin ni Propeta Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah, bagaman at ang lahat ng ito ay kanyang naisagawa sa kaphahintulutan ng Allah kabilang na ang marami pang himala sa panahon ng kanyang pagiging propeta.



*Sa kabanata 7, mga talata bilang 86-87 ng Qur'an sa orihinal na pagsusulat ay sa (kanan) at kailan lamang naisulat ng (kaliwa). Sa panahon ng Propeta, ang pagsusulat ng Arabik ay binubuo ng mga pangunahing simbolo na walang patinig (vowels) o mga marka ng pagbigkas (diacritical marks) na tinatawag na (tashkil at i'jam sa Arabik). At nang ang Islam ay umabot sa mga taong hindi nagsasalita ng Arabik, ang maling pagbabasa at pagbigkas ay naging kapansin-pansin. Upang labanan ang naturang panganib, ang paggamit ng patinig (vowels) o mga marka ng pagbigkas (diacritical marks) ay sinimulang gamitin humigit-kumulang anim na dekada ang nakalipas pagkaraan ng kamatayan ng Propeta.*

## Ang mga Tradisyon ng Propeta

Ang mga tradisyon ng Propeta (*Sunnah* o *Sunan* sa wikang Arabik), ay mga katuruan at halimbawa ng Propeta na hango sa banal na kapahayagan (Qur'an 53:3) at naituro ng kanyang mga kasamahan. Ito ay naiiba at hiwalay mula sa Qur'an, at ito ay ginagamit bilang pangalawang pinagkukunan ng mga Islamikong katuruan maliban sa Qur'an.

Hindi katulad ng Qur'an na nagmula sa mga rebelasyon, na naisulat at tinipon sa panahon ng Propeta, ang kanyang mga tradisyon ay naisulat at tinipon pagkaraan ng kanyang kamatayan (632 CE). Ang pagtatala ng mga tradisyon ay kaagad isinagawa pagkaraan ng kamatayan ng Propeta, subali't ang masusing pagsasama-sama nito ay nagsimula sa kalagitnaan ng ika-8 Siglo CE, at naging tanyag sa ika-9 na Siglo CE. Isang halimbawa ang Musnad Ar-Rabi' bin Habib ay tinipon noong huling bahagi ng ika-8 Siglo CE, at ang Sahih Al Bukhari at Sahih Muslim naman ay tinipon noong ika-9 na Siglo CE.

Habang ang mga tradisyon ay naiulat at naisalin sa pamamagitan ng bilang ng iba't ibang tao, ang malawakang paraan ng pagsusuri ay sinimulan. Ang ginawang pamamaraan ay sinimulan sa pagkilala ng mga nag-ulat, ang nilalaman ng mga tradisyon, at ang tunay na pangyayari kung saan ang partikular na tradisyon na naiulat ay tunay na naganap. Sa pamamagitan ng pamamaraang ito, ang mga naturang tradisyon ay napaghiwa-hiwalay sa iba't ibang kategorya nang makatotohanan. Ang ginawang paraan sa paghahanap ng katotohanan (isnaad sa wikang Arabik) ay ginagamit maging sa kasalukuyan upang malaman ang maling mga tradisyon na maaaring makapinsala sa orihinal na koleksyon.

Ang mga tradisyon ng Propeta ay tumutugon sa mga sumusunod na kalagayan kaugnay ng Islamikong gabay at pagpapatupad ng naturang mga batas:

1. Ang paglilina sa layunin ng ibinabang mga talata mula sa Qur'an at ang pagpapalawak ng kanilang mga kahulugan.
2. Kumakatawan ito bilang pangalawang pinagkukunan ng batas Islamiko maliban sa Qur'an, at ang kanilang panuntunan kaugnay sa mga bagay na pinahihintulutan at mga bagay na ipinagbabawal ay may katulad na antas ng nasa Qur'an.
3. Tumutulog sa mga ipinag-utos ng Qur'an at nagpapatunay sa kanyang karapatan.

4. Pinalawak nito ang paraan sa pagsasagawa ng anumang mga gawaing pagsamba na ipinag-utos sa Qur'an.
5. Ipinaliwanag at nagsilbing halimbawa sa pagpapatupad ng mahahalagang bagay sa nilalaman ng Qur'an.

Ang mga sumusunod ay tatlong mga halimbawa ng tradisyon ng Propeta.

*Iniulat ni Abu Ubayda na si Jaabir bin Zaid ay natutu mula kay Ibn Abbas (naway kahabagan siya ng Allah) na ang Propeta, naway ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasa kanya, ay nagsabi: "Sinuman ang magtakwil sa atin ay hindi kabilang sa atin, at sinuman ang hindi nagpakita ng awa sa mga kabataan at hindi gumalang sa mga matatanda ay hindi kabilang sa atin." (Musnad Ar-Rabi' bin Habib, Hadith Bilang 582)*

*Si Abu Al-Minhal ay nagsabi, "Tinanong ko si Al-Bara bin Azib at si Zaid bin Arqam tungkol sa paraan ng pagpapalitan ng pera. Kanilang sinabi, 'Kami ay nangangalakal sa panahon ng Propeta ng Allah, naway ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasa kanya, at tinanong namin siya tungkol sa palitan ng pera. Siya ay sumagot, Kung ito ay ginawa sa paraan ng kamay sa kamay, ay walang masama mula rito, subali't kung hindi ito ay hindi pinahihintulutan.' (Sahih Al Bukhari, Book of Sales, Hadith bilang 276)*

*Iniulat ni Abu Huraira na ang Propeta ng Allah, naway ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasa kanya, ay nagsabi: Ang isang babae ay hindi maaaring ipakasal hanggang hindi siya kinukunsulta, at ang isang berhin ay hindi maaaring ipakasal hanggang hindi kinukuba ang kanyang permiso. Tinanong nila ang Propeta ng Allah, naway ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasa kanya, 'Paano malalaman kung siya nga ay nananatiling berhin? Kanyang sinabi, kapag siya ay nanatiling tabimik'. (Sahih Muslim, Book of Marriage, Book 008, Bilang 3303)*

Ang naturang mga halimbawa ay kabilang sa napakaraming mga tradisyon ng Propeta na naglalarawan ng batas at nagbibigay ng gabay sa pamayanan.

## Ang Buhay Pagkaraan ng Kamatayan

Ang kamatayan ay asahang darating, kaya naman, kailangang harapin ng bawat isa ang tungkol sa kamatayan. Maaari itong hindi tanggapan ng isang tao, i.e. at sabihing wala ng anupaman pagkatapos ng kamatayan, at ang isa naman ay balewalain na lamang ito at umasa na lamang sa kabutihan, subali't ang katotohanan, ang isang tao ay sumusugal sa isang napakalaking laban sapagka't ang kamatayan ay nangangahulugan ng walang hanggang kalagayan sa kabilang buhay, at ito ay itinuturing na isang mahalagang bagay. Ito ang dahilan kung bakit may relihiyon, ito ang paghahanda natin para sa magiging kalagayan natin sa kabilang buhay pagkaraan ng kamatayan.

### Katibayan na may Kabilang-buhay

Bukod pa sa pananampalaya sa relihiyon, ang katotohanan tungkol sa kabilang buhay ay mauunawaan lamang sa pamamagitan ng pag-unawa sa isang normal na bagay. Tingnan natin ang mga sumusunod na argumento:

**Unang argumento:** Kabilang sa mga nilikha ng Diyos, ang tao ay nagtataglay ng katalinuhan, kakayahang mag-isip at kalayaang pumili. Ang mga katangiang ito ang nagbigay sa atin ng espiritwal, pisikal at materyal na kakayahan upang mangibabaw sa ibang mga nilikha. Sa ganitong kadahilanan, pagkaraan ng paglikha kay Adan, inutusan ng Diyos ang mga Anghel na magpatirapa kay Adan bilang pagkilala sa ganitong kalagayan.<sup>17</sup> Gayun pa man, napatunayan na ng tao ang lalim at lawak ng mga kalawakan, may kakayahan silang makipag-ugnayan sa iba sa kabilang panig ng mundo sa kaparehong oras, nagawa na rin nilang magkaroon ng iba't ibang uri ng pagkain, nag-imbento ng kakaibang anyo ng kaalaman, at marami pang mga kaganapan ang nadiskubre upang palawakin ang kaalaman ng mga tao. Ngayon, ang mga pambihirang nilikhang ito na tinatawag na *mga tao* ay hindi nilikha lamang ng walang anumang dahilan o layunin; na nabuhay lamang at pagkatapos ay mamamatay, at pagkaraan noon ay tapos na ang lahat. Ito ang dahilan kung bakit ang mga naunang tao ay nag-isip kung ano ang ipinaalam sa atin ng Qur'an:

*Kanilang sinabi: 'Walang ibang buhay maliban sa kasalukuyang buhay dito sa mundo; dito, tayo ay mabubuhay at tayo ay mamamatay, at itong (paglipas ng panahon) ang sumisira sa atin. Ang katotohanan ay wala silang sapat na kaalaman tungkol dito, at sila ay nanghuhula lamang. (45:24)*

Katunayan, ang kanilang maling paniniwala na wala ng ibang magaganap pagkaraan ng kamatayan ay pawang mga haka-haka lamang!

**Pangalawang argumento:** Ang lahat ng bagay sa kalawakan ay tumutukoy sa tunay na kagandahan at walang hanggang kaalaman at pagsasaayos ng Diyos. Maliban dito, ang mga tao ay patuloy na nabubuhay at umaasa lamang sa mga bagay na nakakapagbigay ng ligaya sa kanilang buhay dito sa mundo, at inaakala nilang ito ay isang normal na paraan lamang ng pamumuhay. Dahil dito, ang buhay natin sa mundong ito ay hindi nagiging perpekto, gayun pa man, ang mga tao ay patuloy na naghahangad ng maayos at mahabang buhay na hindi natin maipaliwanag na mabuti kaya hindi natin ito nakakamit, na kung minsan ay nagiging sanhi pa ito upang tayo ay mahulog sa pagkadismaya at mawalan ng kaligayahan. Ang pansamantalang pananatili natin dito sa mundo, na masasabi nating hindi ganap at sapat, ay panandalian lamang upang mas paghandaan natin ang susunod na buhay na walang hanggang at perpekto.

**Ikatlong argumento:** Ang mga tao ay nilikhang may kalayaang pumili; ang ilan sa atin ay nagiging mabuti at ang ilan sa atin ay maaaring mamili upang maging masama at matagumpay. Ang isang matagumpay ay maaaring makapagdulot ng kahirapan sa kanyang kapwa tao at ginagamit niya itong dahilan upang sila ay takasan, ang posisyon ng kapangyarihan at impluwensya, ang kahinaan sa batas ng tao, ang kurapsyon sa sistemang legal at iba pa. Ang isang tao ay maaaring gumawa ng isang krimen na hindi napaparusahan. Kasama rito isang halimbawa, ang isang taong may pananagutan sa hindi makatarungang pagpatay ng milyong tao; sa ganitong sitwasyon, anong klaseng parusa ang maaaring ipataw sa ganitong uri ng tao? Ang tamang hustisya, kailanman ay hindi nakakamit sa mundong ito. Ang tanging pag-asa sa tunay na katarungan ay makakamit lamang sa kabilang buhay. Katunayan, hindi magiging makatarungan kung walang darating na kabilang buhay.

**Ika-apat na argumento:** Gaya ng nabanggit kanina, ang mga tao ay nilikha na may natural na pagkilala sa katotohanan (Fitrah sa Arabic). Kaya, nalaman natin na sa buong kasaysayan ng sangkatauhan ang karamihan sa sangkatauhan ay naniniwala sa kabilang buhay. Halimbawa, ang mga makasaysayang talaan ng mga sinaunang sibilisasyon ay nagpapakita na ang mga tao ay naghanda para sa isang paglipat sa isang patuloy na pag-iral pagkatapos ng kanilang kamatayan. Lubos nilang nakilala na ang kamatayan ay humahantong sa pagpapatuloy ng pag-iral ng kaluluwa sa ibang eroplano, isang bagong mundo.



**Ika-limang argumento:** Ipinaliwanag ng Qur'an: (a) marami ang mga katibayan na may kaugnayan sa agham (tingnan ang ika-6 na bahagi), (b) may mga makasaysayang pangyayari, (c) ang mga batas at moral na pamantayan na positibong nagpabago ng sibilisasyon ay nagdulot ng malawakang epekto sa sangkatauhan hanggang sa kasalukuyan. Walang isa man sa mga ipinaliwanag na ito ang nagpapakita ng kasinungalingan o kawalan ng katotohanan. Dulot na rin ng katotohanang ipinakikita ng Qur'an, bakit kailangang tanungin ng isang tao ang katiyakan tungkol sa kabilang buhay na sadyang ipaliwanag ng malinaw?

Sana ang mga argumentong naibahagi sa itaas ay makatulong upang paniwalaan natin ang tungkol sa kabilang buhay na hindi lamang isang malinaw na katotohanan, bagkus ito ay isang bagay na kailangang tanggapin at paghandaan. Karagdagan pa rito, alin sa mga nabanggit na usapin ang nagsasabing hindi ito nangyayari?

### **Ang Katuruan ng Islam Tungkol sa Kamatayan at sa Kabilang-buhay**

Ang kaluluwa ng isang tao ay naglalakbay sa pamamagitan ng iba't ibang antas ng pananatili. Ang buhay natin sa mundong ito ay paghahanda tungo sa susunod na kalagayan nang ating pagkakalikha. Ang kamatayan ay hudyat sa simula ng ating susunod na hakbang sa tinatawag na 'Ang Kalagayan sa Pagitan ng Kamatayan at sa Pagkabuhay na Muli'. Ito ay tinatawag na *Barzakh* sa wikang Arabik. Ito ang panahon habang nasa libingan kung saan ang isang nilikha ay magigising na lamang sa katotohanan na siya ay naroroon na sa isang kakaibang lugar na puno ng pag-aalala. Silang mga naghanda para sa kabilang buhay habang sila ay narito sa daigdig ay makararanas ng kaligayahan sapagka't inasahan na nila ang kasaganaan at katiwasayang darating, samantala, silang ipinagwalang bahala ang katotohanan sa mga bagay na may kaugnayan sa kabilang buhay ay makakaranas ng pangamba dahil sa nakaambang kahirapan na naghihintay sa kanila. Ayon sa Qur'an, ang dalawang magkasalungat na kalagayang ito ay ipinararating sa ating mga kaluluwa sa pamamagitan ng mga Anghel sa oras mismo ng ating kamatayan.

*Silang mga nagsabing ang 'Allah ang aming Panginoon' at nananatiling matuwid, sa kanila ay darating ang mga anghel (at sasabihin): 'Huwag matakot o mangamba, at tanggapin ang mabuting balita ng Paraiso na sa inyo ay ipinangako'. (Qur'an 41:30)*

*At kung inyo lamang makikita kapag kinuha ng anghel ang kaluluwa ng mga di-mananampalataya, habang pinapalo ang kanilang mga mukha at likod, at sabihin: 'Lasapin ninyo ang parusa ng pagkasunog'. (Qur'an 8:50)*

Ang kalagayang ito sa libingan ang unang antas sa kabilang buhay na nagpapakita ng mga bagay na may kaugnayan sa ating pagpili habang tayo ay pansamantalang naninirahan dito sa mundo. Sinabi ng Propeta: “Ang libingan ang unang antas sa kabilang buhay. Kapag ang isang nilikha ay nakapasa dito ng mapayapa, ang susunod ay mas magiging madali kung ihahambing dito. Gayun pa man, kapag ang isang nilikha ay bumagsak sa unang antas na ito, ang susunod ay mas lalong mahirap kung ihahambing dito”.

Ang kaluluwa ay mananatili sa pansamantalang kalagayang ito hanggang sa *Ang Katapusan ng Panahon* o *Ang Oras* kung saan ang pisikal na pagkakalikha ay manunumbalik sa panibagong anyo ng pagkakalikha, ang tinaguriang bagong Daigdig. Ito ang mga kaganapang malinaw na inilarawan sa Qur'an. Isang halimbawa sa 22:1-2 ay ating mababasa:

*O mga tao, iligtas ninyo ang inyong mga sarili sa sumpa ng inyong Panginoon: katunayan ang mga pagyanig sa takdang Oras ay mga pangyayaring sadyang nakakatakot. Sa Araw na ito, inyong makikita ang mga nagpapasusong kababaihan na ilalaglag ang kanilang mga pinapasuso, at ang bawat babae na nagdadalang-tao ay ilalaglag ang kanilang dinadala, at ang mga tao ay inyong makikita na tila mga lasing, bagaman at hindi sila mga nakainom, subali't ang nakakasindak na parusang magmumula sa Allah ay katulad sa (anyo na sila ay parang mga lasing).*

Ang Katapusan ng Panahon ang maghahatid sa bagong Mundo na magsisimula sa pamamagitan ng Pagkabuhay na Muli sa mga patay, at ang sangkatauhan ay lilikhaing muli. Sinabi ng Qur'an na ang araw na ito ang magiging pinakamahirap na araw para sa mga di-mananampalataya na makikiusap na mabigyan ng ikalawang pagkakataon na mamuhay dito sa mundo upang mabago nila ang kanilang mga ginawa. Para naman sa mga mananampalataya, wala silang dapat ipangamba sa araw na ito.<sup>18</sup>

Ang sangkatauhan ay titipunin para sa pinal na Paghuhukom. Ito ang Araw ng

Paghuukom na maraming beses na binanggit sa Qur'an sa pamamagitan ng iba't ibang termino; Ang Araw ng Pagsisisi (19:39), Ang Araw ng Tagumpay (32:29), Ang Araw ng mga Kalamidad (76:10) Ang Kahindik-hindik na Araw (19:37) Ang Araw ng Pagtutuos (38:16, 40:27) at marami pang iba. Ang Araw ng Paghuukom ang itinakdang araw upang ang ating mga ginawa ay hahatulan ng ating Panginoon. Ito ang araw na puno ng saya at kaligayahan na inaasahan ng mga mabubuting nilikha, at ito rin ang araw ng pagsisisi at pag-iyak dulot ng kanilang hindi pagtanggap sa Diyos at sa Huling Araw, ang Araw ng Paghuukom. Ang mga kaganapang ito ay naitala at pinagsama-sama sa mga susunod na talata ng Qur'an:

*O tao, ikaw ay nagsikap para sa iyong Panginoon at Siya ay iyong makikita. Sinuman ang binigyan ng Talaan sa kanyang kanan, ay tatawagin para sa mas madaling paglilitis, at babalik sa kanyang mga tao ng maligaya. Subali't sinuman ang binigyan ng Talaan sa kanyang likuran ay mananangis dahil sa 'parusa' at pagpasok sa Nagliliyab na Apoy. Siya ay masayang namuhay kasama ng kanyang mga tao, nag-aakalang hindi siya magbabalik (sa Amin). (84:6-14)*

Itinuturo sa atin ng Islam na sa kabilang buhay ang mabubuti ay magkikita-kita, kasama ng kanilang matutuwid na miyembro ng mga pamilya, at mga mahal sa buhay;<sup>19</sup> sadyang napakasaya na makita natin ang ating mga magulang, ang ating mga kapatid, ang ating mga anak, ang ating mga kaibigan sa Paraiso. Subali't sa mga nagpabaya, isang napakahirap na kalagayan ang naghihintay sa kanila, at hahangarin nilang sana ay hindi na lamang sila naging isang nilikha.

*Masdan! Binalaan Namin kayo ng isang parusang malapit ng dumating; ang Araw na kung saan ang isang tao ay titingin kung anong ginawa ng kanyang sariling mga kamay, at ang mga di-mananampalataya ay magsasabi: O mainam pang ako ay naging alabok na lamang'. (Qur'an 78:40)*

## Ang Islamikong Pananaw sa ibang Relihiyon

Ang mga tao ay nilikhang may natural na pagkilala sa Tagapaglikha at pagpapahalaga sa kabutihan (tinatawag na *Fitrah* sa wikang Arabik). Sa kasaysayan ng sangkatauhan, ang Diyos ay nagpadala ng magkakasunod na sugo sa lahat ng pamayanan upang ipaalam ang kalagayang ito. Ang mensahe ng Diyos sa mga propeta ay magkakatulad at naglalaman ng pangunahing katuruan tungkol sa paniniwala – *Ang Dakilang Kaisaban, ang paniniwala sa Kabilang buhay at Pagiging matuwid* – bagaman at ang mga batas at anyo ng pagsamba ay hindi magkakatulad.<sup>20</sup> Sinabi ng Allah sa Qur'an 42:13;

*Ipinadala Niya sa iyo (O Muhammad) ang relihiyon na Kanyang ipinaabot kay Noah, at ang Aming ibinaba sa iyo, at ang Aming ibinaba kina Abraham at Moses at Jesus, na nag-uutos: 'Isabuhay ang relihiyong ito at huwag maghiwa-hiwalay kaugnay nito'. Ang inyong ipinananawagan ay sadyang mahirap sa mga nagtatambal sa Allah at sa Kanyang Kabanalan. Pinipili ng Allah para sa Kanyang sarili ang sinumang Kanyang naisin at ginagabayan Niya ang sinumang nanunumbalik sa Kanya.*

Ang pagkakahiwa-hiwalay sa paniniwala at relihiyon ay nagpatuloy sa paglipas ng panahon na nagresulta ng dahan-dahang pagkaligaw mula sa orihinal na mga mensahe. Sa Qur'an ay nanawagan ang Allah sa sangkatauhan na manumbalik sa pangunahing paniniwala ni Abraham na isang tunay na monotismo at sa mga sumunod na propeta ng Diyos sa kasaysayan ng sangkatauhan. Sa Islamikong pananaw, ang mga nagbago ng relihiyon ay nahulog sa dalawang kategorya.

### 1. Ang Monotismo na Relihiyon

Ang Judaism, Christianity at Islam ay mga relihiyon na naghatid ng iisang monotismong tradisyon ni Propeta Abraham, sumakanya nawa ang kapayapaan. Sa kanilang tunay na anyo, lahat ng tatlong relihiyong ito ay magkakatulad pagdating sa pangunahing panuntunan ng paniniwala at relihiyon.

Ang mga Jews at Christians ay tinawag na “*Angkan ng Kasulatan*” sa iba't ibang talata ng Qur'an.<sup>21</sup> Ito ay nangangahulugan na sila ay mga taong pinadalhan ng mga banal na kasulatan, ang tinawag na Torah at Ebanghelyo. Gayun pa

man, ang dalawang kasulatang ito sa kasalukuyan ay hindi na katulad ng orihinal na mensahe na ipinadala sa kanilang mga propeta na sina Moses at Jesus, sumakanila nawa ang kapayapaan.<sup>22</sup> Kaya naman, sa pananaw ng Islam, ang Judaism at Christianity ay mga relihiyon na hindi na katulad ng tunay na katuruan nina Moses at Jesus sumakanila nawa ang kapayapaan.

Ang Qur'an ay ipinahayag hindi lamang upang kumpirmahin at kumpletuhin ang mga mensahe nina Moses at Jesus, sumakanila nawa ang kapayapaan, bagkus ay upang itama ang pagkaligaw na naganap sa natitira sa kanilang mga mensahe.<sup>23</sup> Sa ganitong kalagayan, mula sa Islamikong pananaw, ang mga tunay na tagasunod nina Moses at Jesus, sumakanila nawa ang kapayapaan, ay ang mga totoong sumusunod sa Qur'an.

## 2. Ang Ibang Relihiyon

Kaugnay pa rin ng relihiyong Judaism at Christianity, e.g. Hinduism, Buddhism at iba pa, sa pananaw ng Islam ito ang mga relihiyong naging malayo mula sa tradisyunal na mensahe ng mga propeta, at hindi rin maaaring isama sa mga tradisyon ni Abraham. Ang ilan sa mga relihiyong ito ay nagpatuloy sa pagiging atesismo, at ang iba naman ay tuluyan ng naligaw mula sa dating pagsamba sa Nag-iisa at Tunay na Diyos – ang Allah, sa pamamagitan ng pagtatambal ng ibang diyos sa Kanya. Ang pagtatambal ng ibang diyos sa Nag-iisa at Tunay na Diyos ay kabaligtaran sa prinsipyo ng Kanyang Kabanalan, (tingnan ang ika-3 bahagi).

Gayun pa man, sa kabila ng kanilang kaibahan, ang Islam ay patuloy na gumagalang sa lahat ng pananampalataya, higit lahat sa mga taong sumusunod sa naturang mga paniniwala, dahil ang Allah ang Nag-iisa na lumikha sa buong sangkatauhan na nagbigay ng kalayaang pumili sa mga bagay na may kinalaman sa pananampalataya. Sa Qur'an, 10:99, ay Kanyang sinabi:

*Kung sa Kagustuhan lamang ng Panginoon, labat sila ay naniwala, silang labat na nandito sa mundo! Iyo bang pipilitin ang mga tao, laban sa kanilang sariling kagustuhan, upang maniwala?*

Ito ay may kaugnayan sa iba pang talata, 2:256;

*Walang sapilitan sa relihiyon: Ang katotohanan ay sadyang malinaw kung ikukumpara sa kamalian.*

Kaya naman, ang pagkaligaw sa pananampalataya ay kabilang sa mga plano ng Allah sa Kanyang paglikha ng sangkatauhan.<sup>24</sup> Bilang pagpapatunay, sa patuloy na paglipas ng panahon, ang mga Muslim ay patuloy na naninirahang kasama ang ibang taong may iba't ibang pananampalataya na may kapayapaan, pagmamahalan, pagpapamalas ng mabuting bagay at pakikitungo ng may kabaitan. Katunayan, mahalagang banggitin na ang Islam ay nangangalaga sa dignidad ng mga tao at nagpapatupad ng makabuluhang bagay na hango sa panuntunan ng pagkakapantay-pantay ng sangkatauhan at kalayaan ng pagpili sa mga bagay na may kaugnayan sa pananampalataya.



*Ang taunang paglalakbay na ginaganap sa Makkah na dinadaluhan ng mahigit tatlong milyong katao mula sa iba't ibang nasyon na idinaraos sa iisang lugar upang sumamba sa Nag-iisang Diyos – ang Allah. Ito ay pagpapatunay at praktikal na pagpapakita ng pagkakaisa sa relihiyon at pagkakaisa ng sangkatauhan.*



## Si Jesus sa Islam

Isa sa panuntunan ng pananampalatayang Islam ay ang maniwala sa **lahat** ng Sugo ng Allah. Ang mga Muslim ay naniniwala na si Jesus, sumakanya nawa ang kapayapaan, ay isa sa mga pambihirang Sugo ng Allah.

Ang buhay at mga katuruan ni Jesus na ipinakita sa Bibliya ay naisulat, maraming dekada na ang nagdaan pagkaraan nang kanyang paglisan, kaya naman ito ay binalot na nang napakaraming misteryo. Ang Qur'an, kung saan ay binanggit ang pangalan ni Jesus ng dalawamput-limang beses ay ipinadala upang linawin ang mga misteryo at mga di-makatotohanang bagay na iniuugnay sa kanyang personalidad at mga katuruan, binigyang-linaw ang kalagayan ng kanyang sarili at ang kanyang ina mula sa mga di-makatotohanang pahayag at pag-uugnay sa kanila, at pinarangalan siya at ang kanyang ina bilang mga tunay na alipin ng Allah, naway kalugdan sila ng Allah. Kaya naman ang Qur'an ay nagtuturo sa atin ng:

- Si Jesus, sumakanya nawa ang kapayapaan, ay isinilang ng kanyang ina na si Berhing Maria sa isang pambihirang kalagayan. Ayon sa kasaysayan, Si Jesus, sumakanya nawa ang kapayapaan, ay walang ama kaya naman wala siyang maituturing na pinagmulang lahi sa ama, samantala, ang kanyang ina ay nagmula sa mga kinikilala at iginagalang na saling lahi sapagka't si Maria ay nagmula sa angkan ng mga propeta. Gayun pa man, sa kabila ng pambihirang kalagayan nang kanyang pagsilang, siya ay nananatili sa katayuan ng isang totoong tao, at ayon sa Qur'an, kailan man ay hindi niya inangkin ang sarili nang mas higit sa isang pangkaraniwang tao na pinili ng Allah upang maging isang propeta.<sup>25</sup> Isang halimbawa, sa Qur'an 5:116-117, inilarawan ng Allah ang isang kaganapan sa Araw ng Paghuhukom:

*At isipin kapag nasa kabilang buhay at sabihin ng Allah: “Jesus na anak ni Maria, sinabi mo ba sa mga tao; “Kunin ako at ang aking ina bilang diyos sa tabi ng Allah?” at siya ay sasagot: “Kaluwalhatian sa Iyo! Hindi nararapat para sa akin na magsabi ng mga bagay na wala akong karapatang sabihin. Kung sinabi ko ito, katiyakang ito ay Iyong malalaman. Alam Mo ang labat ng nasa aking kaisipan, samantalang hindi ko alam kung ano ang nasa Iyo. Ikaw, Katotohang Ikaw ang nakakaalam ng labat na hindi nakarating sa kaalaman ng mga tao. Sinabi ko sa kanila, kung ano lamang ang Iyong ipinag-utos sa akin,*

*ito ay: 'Paglingkuran ang Allah, ang aking Panginoon at ang inyong Panginoon'. Babantayan ko sila habang ako ay kasama nila, at kapag ako ay Iyong tinawag, magkaganon, Ikaw at ang Iyong sarili ang magiging Tagamasid sa kanila. Katotohanan, Ikaw ang Saksi sa lahat ng bagay.*

Maging sa Bibliya ay maraming katibayan na si Jesus, sumakanya nawa ang kapayapaan, ay nagpakumbaba, ipinakita niya ang kanyang pagsisilbi sa Diyos at kailan man ay hindi nagsabing siya ay kabahagi ng kabanalan.<sup>26</sup>

- Siya ang Messiah (Kristo), nangangahulugan na siya ay pinili ng Allah bilang isang propeta.<sup>27</sup>
- Nagpamalas siya ng maraming mirakulo, subali't ang lahat ng ito ay naganap dahil sa kapahintulutan ng Allah. Ang kanyang unang himala ay nang siya ay magsalita habang siya ay sanggol pa lamang bilang pagtatanggol sa kanyang ina na si Maria, na nahaharap sa paratang ng pakikiapid dahil sa kanyang panganganak. Sa bandang huli ng kanyang pagpapatuloy sa buhay ay nakapagpamalas siya ng iba't ibang himala sa pamamagitan ng pahintulot na nagmula sa Allah, katulad ng pagbuhay sa patay, ang pagpapagaling sa isang bulag at pilay.<sup>28</sup>
- Siya ay pinadalhan ng Ebanghelyo (*Al-Injeel* sa wikang Arabik).<sup>29</sup> Isang halimbawa, sa Qur'an 5:46, ang Allah ay nagsabi:

*At Aming ipinadala si Jesus, ang anak ni Maria pagkaraan ng ibang mga Propeta, na nagpapatunay sa katotohanan sa mga nananatiling mensahe ng Torah. At ibinigay Namin sa kanya ang Ebanghelyo, na isang gabay at liwanag, na nagpapatunay sa katotohanan sa mga nananatiling mensahe ng Torah, at gabay at paalala sa mayroong takot sa Diyos.*

- Siya ay ipinadala para lamang sa Angkan ng Israel, at hindi para sa ibang nasyon. Sa Qur'an 3:49, ang Allah ay nagsabi:

*"At (pinili si Jesus) bilang isang Sugo sa Angkan ng Israel"...*

Ang katotohanan tungkol kay Jesus, sumakanya nawa ang kapayapaan, sa pagpapadala sa kanya para lamang sa Angkan ng Israel ay mababasa rin sa lahat ng magkakaibang bersyon ng Bibliya.<sup>30</sup>

- Hindi siya namatay o ipinako sa krus. Sa Qur'an 4:157-158, ang Allah ay nagsabi:

*Kanilang sinabi nang may (pagmamayabang), “Pinatay namin ang Messiah, si Jesus na anak ni Maria, ang Sugo ng Allah”, subali't hindi nila siya napatay o kabit naipako sa krus, subali't iyon ang kanilang nakita, at silang nagtatalu-talo tungkol dito ay puspos ng pagdududa, at walang (tiyak) na kaalaman, maliban sa napilitang maniwala upang sumunod lamang, pero ang katotohanan, siya ay hindi nila napatay. Bagkus, ay itinaas siya ng Allah sa Kanyang sarili, at ang Allah ang Mataas sa Kapangyarihan, ang Matalino.*

May ginawang hakbang ang mga kaaway ni Jesus, sumakanya nawa ang kapayapaan, upang maipako siya sa krus, subali't hindi pinahintulutan ng Allah na malagay sa kahihyan ang Kanyang propeta.



*Ang Al-Aqsa Mosque sa Jerusalem, ang pangatlong pinakabanal na mosque sa Islam. At nabanggit sa Qur'an (17:1 at 53:13-18), na si Prophet Muhammad, naway ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasa kanya ay umakyat sa mga kalangitan mula sa mosque na ito noong taong 621 CE.*

## **Bakit Islam, hindi ba ang lahat ng Relihiyon ay Tama?**

Marami ang may maling paniniwalang ang lahat ng relihiyon na nagtataguyod ng kabutihan, pagkakaisa at pagmamahalan sa pagitan ng bawat tao ay makatutulong upang mapalapit sa Diyos, at sila ay nagiging maka-diyos, kaya naman, kahit anong relihiyon ay katanggap-tanggap ayon sa kanilang maling pananaw. Sa ibang salita, ang lahat ng relihiyon ay mabuti at magkakapareho lamang, kaya naman, ang isang tao ay hindi na nangangailangang sumunod sa anumang partikular na relihiyon. Ang ganitong paraan ng pag-iisip ay mali at depektibo sang-ayon sa dalawang mahahalagang mga dahilan.

**Una**, ang usaping pang-relihiyon ay tungkol sa debosyon natin sa ating Tagapaglikha, ang Allah. Ito ay may kinalaman kung paano tayo makikipag-ugnayan sa Kanya, paano natin Siya sasambahin at kung paano natin isasabuhay dito sa mundo ang mga bagay na Kanyang Pinahihintulutan. Ang 'lahat ng paano' ay nararapat lamang na magmula sa ating Tagapaglikha, at hindi sa kung sinu-sino lamang. Kaya naman, ang tama at makatotohanang relihiyon ay kailangang nagmula at ipinag-uutos ng ating Tagapaglikha.


**Pangalawa**, hindi nararapat sabihin na ang lahat ng relihiyon sa kasalukuyan ay tamang relihiyon na nagmula sa Tagapaglikha at hindi na maaring ituwid, dahil mayroon na silang mga doktrinang sinusunod, subali't malinaw ang pagsasalungatan ng bawat isa kung antas ng kanilang paniniwala ang pagbabasehan sa kasalukuyan. Hindi lahat ng relihiyon na sinusunod ng kanilang mga kaalyado, ang sumasang-ayon sa konsepto ng tunay na Kaisahan ng Tagapaglikha (Monotismo), pangalawa, mayroong malaking pagkakaiba sa pagitan ng iba't ibang relihiyon ang paraan ng pagkakaligtas, at ang pangatlo, ay mayroong negatibong aspeto ang pagitan ng iba't ibang relihiyon kung ano ang mga bagay na pinahihintulutan at kung ano ang mga bagay na ipinagbabawal.

Kailanman, ang Tagapaglikha ay hindi nagkaroon ng salungatan sa Kanyang sarili. Ang Kanyang relihiyon ay kailangang tuloy-tuloy at walang pagbabago para sa buong sangkatauhan – nagpapatuloy ang pangunahing paniniwala at pagsasabuhay. Nakadepende ito sa isang tao kung paano siya maghahanap ng katotohanan sa pamamagitan ng tamang kaalaman at katuwiran. Hindi kailangang linlangin ang isang tao sa pamamagitan ng pagsasabing ang lahat ng relihiyon na nagtataguyod ng kabutihan ay tatanggapin ng ating Tagapaglikha; ang tanging relihiyon na katanggap-tanggap sa Kanya ay ang **Kanyang** relihiyon.


Ang Islam ay hindi naniniwala sa pagiging orihinal ng isang relihiyon; ito ay kaparehong relihiyon na ipinadala sa naunang henerasyon sa kasaysayan ng sangkatauhan. Ang pagbabagong naganap sa mga relihiyon sa kasaysayan ng sangkatauhan ay nangyari dahil sa pagkaligaw mula sa orihinal na mensahe ng mga propeta. Ang huling Sugo na si Muhammad, at ang panghuling mensahe, ang Qur'an, ay dumating upang igabay ang mga tao tungo sa orihinal na mensahe. Kaya naman, ang natatanging relihiyon na tatanggapin ng Tagapaglikha ay ang relihiyong kumukumpirma sa huling mensahe – ang Islam, na nangangahulugan ng pagsuko sa Kanyang naisin. Sinabi ng Allah sa Qur'an 3:85;

*Sinuman ang magbangad ng ibang relihiyon maliban sa Islam (pagsunod, tapat at mapayapang pagsuko sa Kagustuhan ng Allah), kailanman ay hindi tatanggapin mula sa kanya; at sa Kabilang bubay ay mabibilang siya sa antas ng mga nawalan (ng lahat ng kabutihang espiritwal).*

Ang Islam ay relihiyon ng lahat ng naunang sugo ng Diyos na sinundan ng huli at pangwakas na sugo na si Muhammad, kabilang sa mga naunang sugo ay sina Abraham, Moses at Jesus, sumakanila nawang lahat ang kapayapaan, sapagka't silang lahat ay naglingkod sa Tagapaglikha at tuwirang sumuko sa Kanyang Naisin. Ang Islam ay relihiyon din ng matatapat na tagasunod ng mga nagdaang propeta na ipinamuhay ang tunay at tamang katuruan ng kani-kanilang mga propeta.



Populasyon ng Muslim sa buong Mundo (%)



## **Paalala sa Atesismo (hindi naniniwala na may diyos) at Agnotismo (nagdududa sa paniniwala)**

Ang Atesismo ay hind naniniwala sa Kataas-taasan (Diyos), at ito ay may kaugnayan sa pagtatakwil sa kabilang buhay. Ang Agnotismo ay nagdududa sa pagkakaroon ng Kataas-taasan. Ang pagtatakwil at pagdududa ng isang atesista at agnotisko ay nagmula sa maraming dahilan. Noong mga nakaraang panahon, wala silang kakayahang makita ng personal at maramdaman ang Diyos, o dahil sa kahirapan na kanilang nararanasan, sapagka't iniisip nilang kung may Diyos, bakit kailangan nilang maghirap. Sa ating panahon ang mga dahilang ito ay lalong naging kapansin-pansin; kung totoong may Diyos, bakit hindi ito mapatunayan sa pamamagitan ng agham? Karagdagan pa rito, bagaman at naipapaliwanag na natin ang mga nangyayari sa mga nilikha sa pamamagitan ng agham, wala pa rin tayong makitang malinaw na basehan sa pagkakaroon ng Diyos.

Ipinananawagan ng Islam ang di-pagtanggap o ang di-paniniwala sa pamamagitan ng kanilang konsensya, katalinuhan at mga dahilan tungkol sa katotohanan sa pagkakaroon ng Diyos. Ang kalagayan ng Tagapaglikha at ang Kanyang nilikha ay tunay na magkaiba at ang mga tao ay walang kakayahang makita ang Diyos. Kung ang Diyos ay may pisikal na anyo na ating makikita, Siya ay magiging limitado sa lugar, oras at bagay. Ito ay isang bagay na mawawalan ng halaga, dahil ang lugar, oras at bagay ay mga nilikha lamang kaya naman hindi nila kayang limitahan ang Tagapaglikha. Kaya naman, inaanyayahan ng Qur'an ang mga tao tungo sa isang matalinong pagtatanong sa kapwa nila mga nilikha upang magkaroon sila ng tamang pagkilala sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga Nilikha. Ang mga Katibayan sa pagkakaroon ng Diyos ay tinatawag na 'mga tanda' sa Qur'an, (ayah sa wikang Arabik), at mayroong daan-daang mga tanda na mababasa sa Qur'an. Sa kabanata 41, talata 54, ang Allah ay nagsabi:

***Ipakikita Namin ang Aming Mga Tanda sa mga kalangitan  
at mula sa kanilang mga sarili hanggang maging malinaw sa  
kanila ang Katotohanan. Hindi pa ba ito sapat na ang inyong  
Panginoon ang saksi sa lahat ng bagay?***

Kaya naman, dahil sa pangakong ito ng Qur'an, iniimbitahan nito ang sangkatauhan na mag-isip kaugnay sa mga katibayan sa pagkakaroon ng Diyos



sa pamamagitan ng Kanyang mga nilikha. Isang halimbawa mula sa Qur'an 3:190, ang Allah ay nagsabi:

*Masdan! Sa pagkakalikha ng mga kalangitan at mga kalupaan, at sa pagsasalitan ng gabi at araw – katunayan, ito ay mga tanda sa mga taong may sapat na pang-unawa.*

Katunayan, sa pagkakalikha ng mga kalangitan at mga kalupaan ay natuklasan ng mga dalubhasa ang mga nakamamanghang katibayan; e.g. (a) ang kalawakan ay may simula, (b) ang kalawakan ay umiikot ayon sa nakatakda at magkakasunod-sunod na pisikal na batas at pagkakaayos, (c) mayroong mahigit 200 palatandaan upang magkaroon ng buhay dito sa mundo, isang halimbawa, ang layo sa pagitan ng daigdig at ng Araw, ang grabiti dito sa mundo na humilila pababa, ang komposisyon ng kalawakan, ang pagkakaroon ng tubig at marami pang iba.

Sa ibang talata, ang Allah ay nagsabi:

*At Siya, ang Siyang nagpadala ng tubig mula sa kalangitan, na nagbibigay ng tubig na maiinom para sa iyo, at nagbibigay ng pagkain para sa inyong mga alagang hayop. Kanyang pinatubo ang mga pananim at olive at palmerang-dates, at mga dawag na nagbibigay ng iba't ibang uri ng prutas. Katiyakan, may mga dakilang Tanda para sa mga taong nag-iisip. (Qur'an 16:10-11)*

Sa mga talatang nabanggit ay malinaw ang mga tanda na makapagpapatunay na mayroong Diyos. Kunin lamang ang isa mula rito, isang halimbawa ang pagkakaroon ng ulan: Kabilang dito ang daan-daang mga pisikal na panuntunan at tiyak na mga palatandaan na nagiging dahilan upang pumaitaas ang hamog mula sa lupa, ito ang pag-akyat ng hamog sa kalangitan, ang pagbuo ng hamog na nagiging tubig, ang pagsama-sama ng hamog sa mga ulap, ang paggalaw ng kumpol ng mga ulap na may dalang toni-toneladang tubig, at ang pagbagsak ng mga tubig na nagiging ulan. Ang kumpleto at ganap na prosesong ito ay pinangungunahan ng pisikal na panuntunan at mga palatandaan. Ang Qur'an ay nag-aanyaya sa atin na pag-isipan ang libu-libong mga tanda na makikita natin mula sa mga nilikha. Sa mga taong nag-iisip at sa mga taong tumatanggap

ng lohika, ang lahat ng ito ay matibay na katibayan na mayroong isang Kataas-taasang Nagdisenyo at Tagapaglikha, ito ang Diyos. Hindi makatuwirang ipagwalang bahala at hindi na pag-isipan ang mga bagay na ito na naglarawan ng maayos na pagkakadiseno mula sa Tagapaglikha, at isiping ito ay naganap lamang sa pamamagitan ng isang bagay na hindi inaasahan. Katunayan, maraming mga kilalang dalubhasa mula sa larangan ng makabagong agham ang sumang-ayon sa mga bagay na humantong sa isang kasagutang may kabalikat na lohika.<sup>31</sup>

Ang Qur'an ay nagsasabi sa atin na ang lahat ng tao ay nilikha ng may sariling disposisyon upang kumilala sa Diyos at isuko ang kanilang sarili sa Kanya, (ito ang tinatawag na *Fitrah* sa wikang Arabik).<sup>32</sup> Tungkol dito, kapag tayo ay nahaharap sa isang seryosong sitwasyon at walang sinumang tao ang maaaring makatulong sa ating kalagayan, kaagad ay naiisip natin na lumalapit sa Diyos upang humingi Kanya ng tulong. Ang Diyos ay pumili ng mga propeta at nagpadala ng mga kasulatan para sa sangkatauhan upang kilalanin Siya. Gayun pa man, ang Diyos ay nagbigay sa atin ng kalayaan upang sundin ang ating kagustuhan, meron tayong kalayaang supilin ang kalagayang ito sa pagkilala sa Kanya. Subali't ipinaalam din sa atin ng Diyos, na sinuman ang sumunod at naniwala sa Kanyang panawagan, sila ay pagkakalooban Niya ng tamang patnubay, at sinuman ang nagtakwil sa paniniwala sa Kanya, sila ay hahayaan Niyang maligaw, at ito ang paraan ng Diyos sa ating mga nilikha.<sup>33</sup>


Ang Qur'an na huling rebelasyon na ipinadala para sa buong sanlibutan ay nagpatunay mismo sa kanyang sarili na mayroong Diyos. Ito ay mababasa natin sa kabanata 4 at talata 82;

Hindi ba nila matanggap ang Qur'na (na pingalagaan)? Kung ito ay nagmula sa iba, maliban sa Diyos, katiyakang kakikitaan nila ito ng maraming pagkukulang.

Ang isang patas at bukas na pag-aaral ng Qur'an ay makatutulong upang patunayan na ito ay hindi maaaring isulat lamang ng isang tao, (tingnan ang ika-7 bahagi). Ang Qur'an ay isang pambihirang katibayan sa pagkakaroon ng Diyos.

Nilikha tayo nga Diyos para isang dakilang layunin at binigyan Niya tayo ng mas mataas na kalagayan sa lahat ng Kanyang mga nilikha.<sup>34</sup> Ang buhay natin

dito sa mundo ay pansamantala lamang at nangangahulugan na kailangan nating paghandaan ang ating walang hanggang kalagayan sa Kabilang Buhay. Sa ganitong sitwasyon, kaugnay pa rin ng ating pananampalataya sa ating Tagapaglikha, susubukan Niya tayo sa pamamagitan ng isang marangyang pamumuhay at kung minsan ay isang mabigat na pagsubok. Karagdagan pa rito, susubukan din tayo kung paano natin isasabuhay ang ating kalayaang pumili sa mga bagay na mabuti at masama na darating sa ating mga buhay. Gayun pa man, ang masama at paghihirap ay hindi lamang nagsisilbing pagsubok sa ating pananampalataya, subali't ito ay nagsisilbi ring babala at paalala sa mga tao. Kalimitan sa oras ng kahirapan ang positibong paghinilay-nilay at paghahangad ng mas mataas na layunin ang nagiging daan upang tayo ay magising sa katotohanan.



*Ang pagsasanib ng buwan at ng araw: Ang pambihirang kaganapang ito ay sadyang maaaring maganap sapagka't ang Araw ay mas malayo ng apat na daang beses mula sa Daigdig kaysa sa Buwan, at mahigit apat na daang beses ang laki kung ikukumpara sa Buwan. Ang sistemang ito ay nagpapatunay na may isang nagdisenyo na lumikha sa napakagandang tanawing ito, ito ang ating Tagapaglikha.*

## Ang Kalagayan ng Kababaihan sa Islam

Inilagay ng Islam ang katayuan ng kalalakihan at kababaihan ng pantay sa harapan ng ating Tagapaglikha. Bagaman at may kaibahan ang pisikal na paglikha ng lalaki sa babae, sila ay may parehong kakayahang mag-isa, at may kanya-kanyang tungkulin sa pamilya at kumunidad. Bagaman at hindi sila magkatulad sa kanilang pagkakalikha, ay walang sinuman sa kanila ang mas nakahihigit. Ang mga susunod na talata mula sa Qur'an (4:1) ay nagpapatunay sa mga bagay na ito:

*O sangkatauhan! Matakot sa inyong Panginoon, na lumikha sa inyo mula sa iisang tao; at nilikha mula sa kanya ang kanyang kasama, at mula sa kanila ay nilikha ang maraming kalalakihan at kababaihan; matakot sa Allah, na Siyang ninyong hinihingan ng inyong mga (karapatan) at (gumalang) sa inyong mga magulang. Katunayan, ang Allah ang Nagmamasid sa inyong lahat.*

Sa talatang ito ay sinasabi ang tungkol sa magkatulad ng kalagayan ng kababaihan at ng kalalakihan pagdating sa tinatawag na karapatan, at binanggit ng Allah ang espesyal ng paggalang at pagrespeto sa kababaihan lalung-lalo na sa ating mga nanay.



Sa pagpapanatili ng naturang panuntunan, binigyang-laya ng Islam ang kababaihan mula sa pagiging isang simpleng alipin lamang ng kalalakihan, isang masamang kaugaliang umiiral sa buong sangkatauhan bago dumating ang Islam noong ika-7 Siglo, tungo sa estadong pang-espiritwal, sosyal at pangkabuhayang pagkakapantay sa kalalakihan.<sup>35</sup> Sa Islam, ang kababaihan ay may karapatang magmay-ari ng kayamanan, may karapatang magmana, may karapatang mag-aral, may karapatang maghanap-buhay upang kumita para sa pang-araw araw na pamumuhay at lahat ng karapatan na mayroon ang kalalakihan.

Ang dinaranas na kawalan ng hustisya ng kababaihan sa ibang pamayanan ng mga Muslim ay hindi itinakda ng Islam, subali't ito ay mga kaganapang may kaugnayan sa kanilang kultura na nilalabanan ng Islam. Isang halimbawa, ang sapilitang pagpapakasal o ang hindi pagpayag sa kababaihan na makapag-aral, ay parehong gawain ng ilang kumunidad ng mga Muslim at ang bagay na ito ay labag sa ilalim ng batas ng Islam.

## Labis na Paniniwala at Kaguluhan sa Relihiyon

Ang labis na paniniwala at kaguluhan sa relihiyon ay mga pangyayaring nagaganap sa kasalukuyan sa lahat ng relihiyon sa buong mundo, at ito ay kasing-edad mismo ng mga relihiyon. Ang lahat ng relihiyon ay lagi ng may mga taong labis ang paniniwala at lumang pananaw sa kanilang mga pananampalataya. Marami ng digmaan ang nagdaan at marami ng mga kaguluhan ang naganap sa pagitan ng mga taong may labis na paniniwala, idolohiya at radikalismong sa kanilang mga relihiyon. Upang labanan ang ganitong kalagayan, ang Islam ay nagtakda ng mga kondisyon sa pananampalataya at lumikha ng kaugaliang pangtao sa pamamagitan ng mga panuntunan sa kalayaan ng pagpili, pagpapahalaga sa dignidad ng mga tao, ang pagrespeto sa lahat ng pananampalataya, ang pagpapahalaga sa buhay at pagkakapantay-pantay ng buong sangkatauhan.

### Ang Kalayaan sa Pagpili at Pagrespeto sa lahat ng Relihiyon

Nilikha ng Allah ang mga tao na may kalayaang pumili upang sumunod sa kanilang mga kagustuhan lalong-lalo na kung tungkol sa kanilang pananampalataya, kaya naman, ang pananampalataya ng isang tao ay hindi maaaring ipag-utos ng sinuman sa anumang relihiyon. Karagdagan sa talata 2:256 at 10:99 sa Qur'an na nabanggit sa itaas (tingnan ang ika-10 bahagi), ang Allah ay nagsabi:

*Kung ninais lamang ng inyong Panginoon, katiyakang ginawa Niya ang buong sangkatauhan na isang kumunidad lamang. Subali't kung ang bagay na iyon ay naganap, hindi na nila ngayon maipapakita ang kanilang kaibahan sa kanilang mga sarili, maliban na lamang sa kanilang binigyan ng Allah ng habag. At ito ang (kalayaan sa kanilang karapatang mamili) na Kanyang nilikha para sa kanila.*

Ang pagkakahywa-hiwalay sa pananampatalaya ay bahagi ng plano ng Diyos para sa mga nilikha at ito ay nagiging daan upang maging madali ang pamumuhay ng tao sa ilalim ng lahat ng pananampalataya.

### Kahalagahan ng Buhay

Mariing kinukundina ng Islam ang pagpatay sa mga inosente at iba pang anyo ng karahasan o kawalan ng hustisya na dinaranas ng mga inosente. Ang pagpatay sa isang inosenteng tao ay isang malaking kasalanan sa Islam. Sinabi ng Allah:

*Sinuman ang pumatay ng tao – malibang ito ay marder o dahil sa hindi makatarungang pangyayari sa kalupaan – ito*

*ay katumbas ng pagpatay sa buong sangkatauhan: At kung ang isang tao ay nagligtas ng buhay ito ay katumbas ng pagligtas sa buong sangkatauhan (Qur'an 5:32).*

Sa Islam, ang digmaan ay pinahihintulutan lamang kung ito ay pagtatanggol sa sarili at labag sa anumang pagsalakay at pananakop.<sup>36</sup> Gayun pa man, ang manawagan para sa isang digmaan ay maaari lamang gawin ng mga nakikipaglaban sa loob ng lugar na nagaganap ang naturang pananakop, at hindi para sa mga inosenteng mamamayan o sa kanilang mga ari-arian. Karagdang pa rito, ang panawagan sa isang digmaan ay maaari lamang ideklara ng isang lihitimong estado, at hindi ng iilang tao lamang o mga pangkat. Ang digmaan sa pananampalatayang Islam ay ipinatutupad sa pamamagitan ng mahigpit na mga panuntunan at batas ng pakikipaglaban at kung paano makitungo sa mga bihag, mga inosente at mga ari-arian.<sup>37</sup>

### **Ang Hustisya at Pagiging-patas**

Ang kakulangan sa hustisya at pagiging-patas ay lumilikha ng masalimuot at magulong idolohiya. Ang Islam ay nag-uutos ng hustisya at pagiging-patas sa lahat ng tao, anuman ang kanilang pananampalataya. Sinabi ng Allah sa Qur'an, sa talata 60:8;

*Hindi kayo pinagbabawalan ng Allah na makipag-ugnayan ng makatarungan at may kabaitan sa mga hindi nakikipaglaban sa inyo ng dahil sa inyong relihiyon at silang hindi nagtataboy sa inyo mula sa inyong mga tahanan. Katotohanan, minamahal ng Allah ang mga nakikipag-ugnayan ng makatarungan.*

Base na rin sa ganitong mga panuntunan, ang kaguluhan ay nangyayari lamang sa Islam dulot ng kawalan ng sapat na kaalaman sa mga panuntunan ng Islam, ang sobra-sobrang pagmamahal sa relihiyon o mga pagbabago ng dahil lamang sa relihiyon. Ang mga kaguluhang ating nasasaksihan sa buong mundo sa kasalukuyan ay kalimitang nagmumula sa usaping pang-pulitika na walang kinalaman sa relihiyon o sa mga sekta nito, bagaman at ang pangalan ng relihiyon ay laging ginagamit upang pagtakpan ang mga totoong layunin upang makakuha ng suporta. Ang tunay na dahilan ng mga di-pagkakasundo at kaguluhan ay ang pag-aagawan sa kapangyarihan, pangunguna, kayamanan, kasakiman, krusada at mga pangyayaring dulot ng militarisasyon na nagmula sa ibang bansa. Ang Islam bilang isang relihiyon ay inosente sa mga digmaan at anumang anyo ng kaguluhan na nangyayari sa buong mundo sa ating panahon at patuloy na nagaganap habang ginagamit ang pangalan ng relihiyon.



## Ang Islamikong Pakikibaka

Ang salitang *Jihad* ay isang wikang Arabik na nangangahulugan ng ‘pakikibaka o pagsisikap’ upang makamit ang isang bagay. Sa Islamikong pananaw nito, ito ay nangangahulugan ng ‘pagsisikap tungo sa landas ng Allah’, i.e. ang pagsisikap upang makapagsilbi sa ating Panginoon. Maraming mga talata mula sa Qur’an ang nananawagan sa mga mananampalataya na magsikap tungo sa landas ng Allah. Isang halimbawa, sa 5:35 ay ating mababasa;

*O kayong mga mananampalataya! Gawin ninyo ang inyong tungkulin sa Allah, at gumawa ng paraan upang mapalapit sa Kanya, at magsikap na mabuti para sa Kanya lamang (i.e. Jihad); upang kayo ay magtagumpay.*

Kaya naman, anumang gawain ng isang mananampalataya na ginawa nang may layuning kalugdan siya ng Allah ay tinatawag na *Jihad*; kabilang dito ang lahat ng gawaing pagsamba, pagbibigay ng kawanggawa, pagpigil sa ating mga kagustuhan, ang paghahanap ng kaalaman, ang kumita ng mabuti para sa ikabubuhay, ang pagpapalakad ng pamilya, ang pag-uutos ng mabuti at ang pagbabawal ng masama, at kung anu-ano pa.

Sa mga aklat ng kasaysayan, at maging sa makabagong paraan ng pamamahayag, ang salitang *Jihad* ay kalimitang ginagamit sa paglalarawan ng isang anyo ng labanan at kaguluhan. Ito ay hindi makatotohanan dahil ang labanan sa wikang Arabik ay Qital at hindi *Jihad*. Sinasabing ang Islam ay lumaganap sa pamamagitan ng espada sa ngalan ng *Jihad*. Ito ay isang pambihirang kasinungalingan na paulit-ulit na sinusulat sa mga aklat ng kasaysayan: Ang Islam ay lumaganap sa buong kapuluan sa pamamagitan ng magandang mga panuntunan at pagpapahalaga, at hindi sa pamamagitan ng espada: Walang anumang Islamikong krusada ang nag-uugnay sa Islam. Ito ay nag-ugat noong 1095 nang si Pope Urban II ay nanawagan sa mga Kristiano sa Europe na magsama-sama sa tinaguriang “*Holy War*” laban sa mga Muslim upang muling kamkamin ang tinatawag na Holy Land. Gayun pa man, ang mga Muslim ay nakipaglaban sa mga unang taon sa kasaysayan ng Islam, subali’t ang mga nangyaring digmaan ay naganap upang labanan ang pananakop at alisin ang pagmamalabis at itaguyod ang kalayaan at naisin sa larangan ng pananampalataya; katunayan ito ay digmaan ng pagpapalaya, at hindi isang digmaan upang manakop. Bilang pagbibigay ng isang halimbawa, ang mga Muslim ay namuno sa India ng dalawang-daan taon, at walang naganap na anumang pamimilit sa mga tao upang pumasok sa Islam; hanggang sa kasalukuyan, ang India ay nananatiling pinamumuhayan ng mga Hindu na siyang nangunguna sa mga pamayanan.

Ang mga salitang ‘*Jihadist*’ at ‘*Jihadism*’ ay makabagong termino na ginagamit ng mga mamamahayag upang ilarawan ang gawain ng mga Islamic extremist at militanteng grupo at ang kanilang mga idolohiya. Ang mga termino na ito ay pawang mga imbesyon lamang at walang kinalaman sa tunay na kasaysayan at kahulugan ng Islam.

Hindi sinusupportahan ng Islam ang anumang malisyusong kaguluhan. Pinapayagan lamang ang mga Muslim na makipaglaban bilang pagtatanggol sa sarili at pigilan ang anumang pananakop. Sa ganitong kalagayan, ang pakikipaglaban ay maituturing na Jihad sapagka’t ang isang tao ay nagsikap na pangalagaan ang kanyang sarili laban sa mga mananakop. Sinabi ng Allah sa Qur’an 2:193;

*At makipaglaban sa kanila hanggang tumigil ang kaguluhan at opresyon, at manaig ang hustisya at pananampalataya sa Allah; subali’t kapag sila ay tumigil, huwag hayaan ang pang-aabuso maliban sa kanila na patuloy sa pagmamalupit.*



*Ang Sultan Ahmed Mosque ay itinuturing na isang makasaysayang mosque na matatagpuan sa Istanbul, Turkey. Ang kalalakihan ay patuloy na lumuluhod sa kanilang pagdarasal sa loob ng mosque na nilatagan ng kulay pulang karpit hanggang dumating ang panawagan sa pagdarasal. Ang Blue Mosque, na kilala sa ganoong katawagan ay ginawa sa pagitan ng 1609 at 1616 sa pamumuno ni Ahmed I. Ang tinatawag na Külliye ay naglalaman ng libingan ni Ahmed, na isang paaralan at pagamutan.*

## Ang Batas-Islamiko

Ang *Shari'ah* ay isang detalyadong **code of conduct** na ipinatutupad sa buong sangkatauhan upang sumunod sa Banal na Kapahintulutan. Ito ay naglalarawan ng pangunahing paniniwala (pananampalataya), mga anyo ng pagsamba, mga pinaniniwalaan, panuntunang pang-ekonomiya at mga batas sa pagpaparusa sa gumagawa ng krimen. Ang salitang '*Shari'ah*' ay nangangahulugan ng 'ang tamang landas' o 'ang tamang daan', kaya sa Islamikong konteksto, ito ay tinatawag na landas sa pagkakaligtas at walang hanggang tagumpay. Upang maging isang Muslim, kailangan niyang sumunod at mamuhay ng naaayon sa *Shari'ah* dahil ito ang Banal na Landas ng buhay.

Ang pangunahing panuntunan sa Batas-Islamiko *Shari'ah* ay hango mula sa Qur'an at mga tradisyon ng Propeta. Ang espesipikong pagpapatupad ng mga panuntunan, maging ang mga bagay na may kaugnayan sa batas at mga patakaran sa relihiyon upang tugunan ang mga nagaganap na sitwasyon, ang pagpapalawig ng kahulugan ng *Shari'ah* sa pamamagitan ng pagpupulong at opinion ng mga paham sa relihiyon, (*ijma'* sa wikang Arabik).

Ang sariling pagpapasya ay hindi sapat upang ipatupad ang makatarungan at patas na batas para sa buong sangkatauhan. Sapagka't ang pangsariling hukom



*Ang High Court, Muscat, Oman*

ay nakakaapekto ng negatibong saloobin, mga naisin, pangsariling interes, mga emosyon, kakulangan at lahat ng kahinaang dala-dala ng isang tao. Kailangan natin ang ating Tagapaglikha upang igabay at bigyan tayo ng makatotohanan, patas at makatarungang paraan ng pamumuhay, at ito ang Islamic *Shari'ah*. Ito ang totoong **code of conduct** na naglalayong protektahan ang buhay ng isang tao, dignidad, kaisipan, pananampalataya, pamilya at ari-arian.

Ang *Shari'ah* ay laging binabansagan ng mga kontra-Islamiko na isang batas na nagsusulong ng pang-aabuso sa kababaihan, ang pagpapakasal sa mga batang wala pa sa hustong edad, ang pagsupil sa kalayaan at kung anu-ano pa. Ang ganitong pagbibintang ay nagmula sa kawalan ng sapat na kaalaman o pagiging ignorante kung ano talaga ang tunay na kahulugan ng *Shari'ah*; sapagka't ito ay isang kumpletong **code of conduct** na nag-aalay ng solusyon at pagbabawal hindi lamang sa kasamaang may kinalaman sa kanilang maling pananaw, bagkus taglay nito ang pagbabawal sa lahat ng kasamaan na nagpapahirap sa sangkatauhan. Sa katunayan, ang *Shari'ah* ay nagtakda ng mga batas at pamantayan sa pagkakapantay-pantay ng kasarian, ang karapatan ng mga magulang at ng mga anak sa isang pamilya, ang mga karapatan ng mahihirap at ng mga nangangailangan, ang panuntunan sa digmaan at makataong pagtrato sa mga bihag sa digmaan, patas na mga panuntunan sa pangangalakal, ang pagpapahintulot sa ibang relihiyon, ang kaugaliang pang-kumunidad, ang pamamalakad ng gobyerno at marami pang iba.

Ang mga sumusunod na talata na nagmula sa Qur'an ay pawang mga halimbawa ng patas at makataong code of conduct sa larangan ng komersyo na hinango sa Islamic *Shari'ah* (Qur'an 26:181-183)



أَوْفُوا الْكَيْلَ وَلَا تَكُونُوا مِنَ الْمُخْسِرِينَ

وَزِنُوا بِالْقِسْطَاسِ الْمُسْتَقِيمِ

وَلَا تَبْخَسُوا النَّاسَ أَشْيَاءَهُمْ وَلَا تَعْنُوا فِي الْأَرْضِ مُفْسِدِينَ

*Ibigay ang kabuuang sukat at huwag maging dahilán upang magdulot ng pagkalugi. At timbangin ng parehas at patas. At huwag ipagkait sa mga tao kung ano ang para sa kanila at huwag gumawa ng pang-aabuso sa mundo at magpalaganap ng kurapsyon.*



## Ang Pagkakahati-hati sa Islam

Sa panahon ng Propeta, at sa panahong nang unang tatlong pinuno (mga Kalipa) pagkaraan ng kanyang kamatayan, ang mga Muslim ay binubuo ng iisang pamayanan, bagaman at may mga ilan-ilang hindi pagkakasundo sa paraan ng pamamahala lalo na sa panahon ng ikatlong pinuno (Uthman ibn Affan, 644-656 CE). Ang usapin ng di-pagkakasundong pulitikal at pag-aaklas ay naganap sa termino ng ika-apat na pinuno (Ali ibn Abi Talib, 656-661 CE). Ang mga naganap na kaguluhan at paglalabanan ay nahati sa tatlong magkakaibang pangkat, sila ang pangkat na nakikipaglaban sa panig ni Ali, silang mga sumanib sa pangkat ng kumokontra sa pangkat ni Ali, at silang bahagyang nasa panig ni Ali na hindi tinatanggap ang posisyon ng mga sumasalungat sa pangkat ni Ali. Sa unang bahagi sa kasaysayan ng mga Muslim, ang kanilang pagkakahihawihwalay ay nagmula sa usaping pulitika. At sa ganitong sitwasyon sa kasaysayan ng Islam, ang usaping pulitika ay nahiwalay sa legal na pamumuno; maraming paham na mga Muslim ang nagmula sa tatlong pangkat na ito na lumikha ng mga panuntunan at konsepto ng tinatawag na *Shari'ah* na siyang dating ginagamit. Ang mga Paham na Muslim na bumubuo nito ay sina Jabir bin Zayd (639-709 CE), Abu Hanifa (699-767 CE), Ja'afar Sadiq (702-765 CE), Malik (711-795 CE), Shafi'i (767-820 CE), at Ibn Hanbal (780-855 CE). Lahat sila ay tinaguriang Imam, isang kagalang-galang na titulo sa isang nagtataglay ng mataas na antas ng kaalaman sa relihiyon, nagbuo ng pamamaraan sa pagpapataw ng batas at legal na pamamalakad, at nanguna sa pagkakaroon ng maraming mga tagasunod. Subali't noong ika-10 Siglo, ang mga naturang panuntunan na binalangkas ng mga dakilang eskolar ng Islam ay binuo at ginawang isang "Schools of Jurisprudence". Ang paaralan ni Jabir bin Zayd ay kinilala at tinawag na *Ibadhi*, ang kay Abu Hanifa ay kinilala at tinawag na *Hanafi*, at ang kay Ja'afar Sadiq ay kinilala at tinawag na *Shia'*, ang kay Malik ay kinilala at tinawag na *Maliki*, ang kay Shafi'i ay kinilala at tinawag na *Shafi'i*, at ang kay Ibn Hanbal ay kinilala at tinawag na *Hanbali*, bagaman at walang sinuman sa kanilang lahat ang nagtatag upang kilalanin ang kanilang paaralan. Pagkaraan ng mahigit tatlong siglo, ang mga ordinaryong Muslim ay sumunod sa partikular na paaralan at sumunod sa lahat ng legal at panuntunang usapin na may kinalaman sa relihiyon upang pagkunan ng kanilang pangangailangan at pananagutan.

Sa kabila ng iba't ibang "Schools of Jurisprudence", ang mga Muslim ay patuloy na nagkakaisa sa iisang kasulatan, ang Qur'an, na nananatiling hindi nagbago



pagkaraan ng kanyang rebelasyon mahigit labing-apat na siglo na ang nakakaraan, at ang tradisyon ni Propeta Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah. Ang lahat ng Muslim mula sa iba't ibang bahagi ng mundo ay patuloy na nagkakaisa sa mga panuntunan ng pananampalataya at relihiyon at nagsasagawa ng parehong mga ritwal katulad ng pagdarasal at paglalakbay bilang tanda ng pagkakaisa.

Mahalagang bigyan-pansin na hindi pinapahintulutan ang pagkaka-hiwalay sa Islam. Sa Qur'an, ang Allah ay nagsabi; 3:103

*At panghawakang mabuti, ng sama-sama, ang lubid ng Allah (ipinagkaloob sa inyo) at huwag magkahiwa-hiwalay mula sa inyong mga sarili.*

Dulot ng makabuluhang layunin ng kautusang ito, ang lahat ng Muslim schools of Jurisprudence ay patuloy na namuhay bilang iisang kumunidad sa loob ng maraming siglo. Ang mga hindi inaasahang di-pagkakasundo ng mga Muslim sa mga nagdaang panahon at maging ang mga kaguluhang nagaganap sa kasalukuyan ay walang kinalaman sa relihiyon, bagkus ito ay bunsod ng tinatawag na 'geo-political struggles'.



*Ang Umayyad Mosque, na kilala rin sa tawag na Great Mosque of Damascus, na matatagpuan sa lungsod ng Damascus, ay isa sa pinakamatanda at pinakamalaking mosque sa buong mundo. Ito ay itinuturing na ika-apat na banal na lugar sa pananampalatayang Islam.*



## Ang mga Pangunahing Karapatang Pantao sa Islam

Ang mga tao ay nagtataglay ng mataas na katayuan at dignidad na ipinagkaloob ng Allah sa lahat ng nilikha. Sinabi ng Allah sa Qur'an 17:70;

*Aming pinarangalan ang mga anak ni Adan...; ibinigay sa kanila ang mas mahalagang pabor, ang pinakamataas sa lahat ng Aming Nilikha.*

Bilang paggalang at pagpapanatili sa kalagayang ito, ang Islam ay nagtakda ng pangunahing mga karapatan sa buong sangkatauhan, anuman ang kanilang pananampalataya, ang lahing pinagmulan at katayuan nila sa buhay. Ang mga sumusunod ang ilang mahahalagang karapatan sa Islam, na ipinag-utos sa Qur'an:

1. Ang kabanalan ng kaluluwa at ang karapatang mabuhay, makikita sa talata 5:32 at masasaksihan sa ika-15 bahagi, ang Allah ay nagsabi:

*...huwag patayin ang inyong mga anak dahil lamang sa sariling kagustuhan... huwag kunin ang buhay na ipinagkaloob ng Allah at ginawang banal, maliban nang dahil sa hustisya at batas; kaya ipinag-utos Niya ito sa inyo, upang malaman ninyo ang kabalagahan. (Qur'an 6:151)*

2. Ang karapatan ay pangunahing mga pangangailangan sa buhay. Obligado sa bawat Muslim at tiyakin ang karapatan ng kapwa-tao at ang kanilang pangunahing mga pangangailangan.

*At sa kanilang kayamanan at pagmamay-ari ay may karapatan ang mga nangangailangan, siya na humihingi, at siyang (humihingi sa ibang dahilan) ay silang pinipigilang manghingi. (Qur'an 51:19)*

Ang pagtulong sa mahihirap at ang paglingap sa mga nangangailangan ay maaaring isang pagbibigay ng pabor o isang prebilehiyo, subali't ito ay isang karapatan ng mahihirap at mga nangangailangan.

3. Ang karapatan sa pagkakaroon ng kalayaan sa lahat ng bagay.

*Subali't hindi siya nagsikap upang tumabak sa matarik na landas, At ano nga ba ang makapagpapaliwanag sa iyo kung ano ang matarik na landas? Ito ang pagpapalaya ng alipin. (Qur'an 90:11-13)*

Ang pagiging alipin ay binubuo ng maraming mukha o anyo. Kabilang dito ang pang- pisikal at pang-ekonomiyang pang-aalipin, ang pwersahang pagpapatrabaho, ang pagsasamantala sa aspetong pang-sekswal, at iba pang anyo ng pang-aabusong.

Sinabi ni Propeta Muhammad – sumakanya nawa ang kapayaan:

*May tatlong kategorya ng tao na salungat sa aking sarili ang hindi makakatanggap ng aking pamamagitan sa Araw ng Paghubukom, ang isa sa tatlong ito ay siyang umalipin sa isang taong Malaya.*

Kaya naman, inalis ng Islam ang anyo ng pang-aalipin noong ika-7 Siglo, kung saan, ang ganitong kalagayan ay tinanggal lamang ng mga taga-Kanluran noon lamang ika-19 na Siglo.<sup>38</sup>



*Ang tinaguriang Great Mosque of Xi'an, sa China. Ang Islam ay naiparating sa China noong ika-7 Siglo. Sa kasalukuyan ay mayroong mahigit 20 milyong Muslim sa bansang China.*

4. Ang pagkakapantay-pantay ng buong sangkatauhan: Ang lahat ng tao ay itinuturing na pantay-pantay, at ang tanging pamantayan ng kanilang kalagayan sa harapan ng Diyos ay ang pagiging dalisay ng karakter at mataas na antas ng moral.

*O sangkatauhan! Nilikha Namin kayo mula sa lalake at babae, at ginawa kayong mga nasyon at mga tribu, upang makilala ninyo ang isa't isa. Katotohanan, ang pinakabanal sa inyo sa paningin ng Diyos ay silang may mataas na pagkilala sa Kanya. Masdan, ang Diyos ang Nakakaalam ng lahat, ang Nakababatid ng lahat (Qur'an 49:13).*

5. Ang karapatan sa hustisya at pagiging patas sa lahat ng bagay na may kaugnayan sa pangpamayanan at pang-ekonomiyang katayuan, anuman ang antas ng sinuman sa lipunan.

*O kayong mga naniniwala! Laging pairalin ang hustisya, bilang mga saksi ng Allah, kabit pa ito ay labag sa inyong mga sarili, o sa inyong mga magulang, o sa inyong kamag-anak, o maging ito ay (laban) sa mayaman at mahirap: tanging sa Allah lamang ang pinakamabuting proteksyon. Sundin mo ang naisin (ng iyong puso), iwasan ang pagkaligaw, at kapag hindi mo sinunod (ang hustisya) o kaya ay tinanggihan mo ang pagsunod sa hustisya, katotohanan ang Allah ang nakakaalam ng lahat ng iyong mga ginagawa. (Qur'an 4:135)*

6. Ang pangangalaga sa dangal, dignidad at kasarinlan ng bawat isa.

*O kayong mga naniniwala! Huwag hayaan ang ilang tao na pagtawanan ang iba: maaaring ang (huli) ay mas mabuti (kaysa sa una): huwag hayaan ang ilang kababaihan na pagtawanan ang iba: maaaring ang (huli) ay mas mabuti (kaysa sa una): o kaya ay hamakin, o kaya ay maging sarkastiko sa iba, o tawagin ang iba sa (hindi mainam) na palayaw: sadyang napakasamang hamakin o laitin (ang isang kapatid) pagkaraang ito ay nagkaroon ng pananampalataya: at sinuman ang hindi nagsisi, (magkagayon), sila ay gumawa ng kamalian. (Qur'an 49:11)*

Karagdagan pa rito, sa talata 49:12, ang Allah ay nagsabi:

*O kayong mga naniniwala! Iwasan (kung maaari) ang labis na paghihinala; sapagka't sa ibang situwasyon, ang paghihinala ay kasalanan, at huwag maniktik, o manirang-puri sa isa't isa habang sila ay nakatalikod. Nais ba ninyong kainin ang laman ng inyong patay na kapatid? Inyong kasuklaman ang ganitong bagay. Bagkus ay matakot sa Allah: katotohanan, ang Allah ang Tanging Tumatanggap ng pagsisisi, ang Maawain.*

7. Ang kalayaan sa pagpapahayag at pagsasalita kung ano ang tama at makatarungan.

*Ang mga Mananampalataya, mga kalalakihan at kababaihan ay tagapangalaga ng bawat isa: Kanilang ipinag-uutos kung ano ang makatarungan at ipinagbabawal kung ano ang masama... (Qur'an 9:71)*

Karagdagan pa rito, sa talata 4:148, ang Allah ay nagsabi:

*Hindi minamabal ng Allah na ang masama ay hayagang bigkasin sa pampublikong pananalita, maliban sa kanyang ginawan ng kamalian; sapagka't ang Allah ang Laging Nakakarinig at Nakakaalam sa labat ng bagay.*

8. Ang kalayaan sa pananampalataya at ang kalayaan sa pagsasabuhay ng isang mananampalataya. Ang mga Muslim ay naniniwalang tungkulin nila ang mag-anyaya sa sangkatauhan tungo sa katotohanan ng Islam. Gayun pa man, walang sinuman ang may karapatang pilitin ang isang tao para sa anumang pananampalataya, sapagka't ang pananampalataya ay isang malayang adhikain at sinsiridad ng isang kaluluwa. Sinabi ng Allah sa Qur'an, sa talata 2:256;

*Walang sapilitan sa relihiyon: Ang tama ay malinaw mula sa kamalian.*

Ang kalayaan sa pananampalatayang Islam ay binanggit sa Qur'an at mababasa sa iba't ibang mga talata.<sup>39</sup>

Ang mga Islamikong patakaran maging ang mga panuntunang itinakda sa Qur'an at mga Tradisyon ng Propeta ay para sa lahat at nagtataguyod ng mahahalagang elemento na may kaugnayan sa karapatang pangtao at kalayaan (demokrasya).

## Ang Pagdami ng Kultura sa Islam

Kinikilala ng Islam ang iba't ibang kaugalian, lahing-pinagmulan, iba't ibang salita, paraan ng pananamit, mga pagkain, mga sining, ang lokal na pamumuhay at iba pang pagpapahayag ng sariling kultura, na hindi lamang isang lehitimo bagkus ito ay tanda ng mga biyaya na nagmumula sa Allah. Dagdag pa rito, hindi rin pinapahintulutan sa Islam ang pagkondina sa iba't ibang aspeto ng kultura na sumasalungat sa mga katuruan at panuntunan. Kaugnay nito, ang Allah ay nagsabi:

*At kabilang sa Kanyang mga tanda ay ang paglikha sa mga kalangitan at mga kalupaan, at ang pagkakaiba-iba ng inyong pananalita at mga kulay, dahil dito, masdan, ito ay may taglay na mensahe para sa mga nagtataglay ng (tamang) kaalaman! (Qur'an 30:22)*

Sa ibang talata, ang Allah ay nagsabi:

*O sangkatauhan! Nilikha Namin kayo mula sa lalake at babae, at ginawa kayong mga nasyon at mga tribu, upang makilala ninyo ang isa't isa. Katotohanan, ang pinakabanal sa inyo sa paningin ng Diyos ay silang may mataas na pagkilala sa Kanya. Masdan, ang Diyos ang Nakakaalam ng lahat, ang Nakababatid ng lahat (Qur'an 49:13).*

Sa makabagong sistema ng daigdig, kalimitang pinupuna ng mga tao ang pagkakaiba ng mga Muslim na nagmula sa iba't ibang lahi, kaugalian at kultura. Kaya naman nararapat nating pagkumparahin kung ano ang kultura at kung ano ang relihiyon at ang mga nagaganap na pangyayari sa pagitan ng relihiyon at kultura upang maging malinaw kung bakit umiiral ang mga ganitong bagay sa mundo ng mga Muslim.

Maraming paraan ang matutunghayan kung paano kinikilala ang Islam sa pamamagitan ng kanilang kultura sa buong mundo. Hindi na ito bago at hindi na kailangang pagtakahan, bilang isang pangkalahatang relihiyon, sapagka't ang Islam ay lumaganap sa lahat ng panig ng mundo. Ang ganitong paglawak na kinabibilangan ng iba't ibang kultura ay makikita sa Islamikong pamantayan. Ito ay nangangahulugan na saan mang bansa, ang kabuuan ng Islam – ang kahalagahan ng pananampalataya at ang personal na pagsasabuhay nito ang nagsisilbing pinakamahalagang bagay na dapat sundin ng mga Muslim.

Isang halimbawa, ang lahat ng Muslim ay naniniwala sa nag-iisang Diyos. Lahat sila ay naniniwala sa mga anghel. Lahat sila ay nagbabasa at sumusunod sa natatanging Qur'an. Lahat sila ay naniniwala at sumusunod kay Propeta Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan. Lahat sila ay naniniwala sa buhay pagkaraan ng kamatayan at sa personal na pananagutan sa Araw ng Paghuhukom. Lahat sila ay naniniwala sa banal na kahahantungan. Ang pangkalahatang panuntunan ng limang haligi ng Islam ay magkakatulad na siyang sinusunod ng mga Muslim sa buong mundo. Maririnig mo ang magkatulad na panawagan sa pagdarasal kung ikaw ay nasa Oman, o kaya ay nasa Indonesia, o kaya ay nasa Senegal, o kaya ay nasa China. Ang lahat ng Muslim sa buong mundo ay nag-aayuno kapag dumarating ang Buwan ng Ramadhan at nagtitipon-tipon sa Makkah tuwing sasapit ang taunang paglalakbay sa panahon ng Hajj. Kaya naman, makikita natin sa Islam ang tunay na diwa ng pagkakaisa kaugnay ng pangunahing pamamaraan sa larangan ng pananampalataya na mayroong iba't ibang kultura.

Katunayan, wala namang relihiyon ang hindi kumuha sa kani-kanilang kultura. Laging makikita sa kanilang relihiyon ang pagsasabuhay kung anuman ang kulturang kanilang pinagmulan. Gayun pa man, ang kultura ay hindi basta na lamang umusbong nang walang pinagmulan at katuruan sa relihiyon na isinasabuhay ng nakararaming tao. "Kaya naman masasabi natin na walang anumang relihiyon ang ligtas sa anumang kultura o kaya ay isang relihiyong walang sinusunod na kultura".<sup>40</sup> Isang malaking hamon sa mga Muslim (at sa mga hindi Muslim) sa lahat ng pagkakataon at lugar na suriin ang walang hanggan at pangkalahatang katuruan at mga panuntunan sa Islam sa pag-unawa sa napakaraming kultura na kalimitang nangingibabaw sa tamang katuruan at mga panuntunan. Maging si Propeta Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan, ay inasahang darating ang panahon na ang mga Muslim ay makakakita ng mga bagay na hindi nakasaad sa Qur'an at sa Sunnah. Laging magkakaroon ng mga bagong kultura at legal na sitwasyon na mangangailangan ng kritikal na pagsusuri at matalinong pagmamasisid at mga sensitibong pananaw ng mga eskolar. Katunayan, maraming mga bagong usapin sa buong mundo na mas higit pa sa dinanas ng Propeta, sumakanya nawa ang kapayapaan, sa kanyang kapanahunan, kaya naman, ang pagtugon sa mga umiiral na usaping pangkultura ay tungkulin ng mga Muslim na nararapat suriing mabuti upang matugunan ng tama.

Ang mga pumupuna na kalimitang nagmumula sa Kanluran, ay kalimitang



gumagamit ng isa hanggang dalawang paraan ng pagsusuri kapag isinasaalang-alang ang pamayanan ng mga Muslim upang magkaroon sila ng kaalaman tungkol dito. Ang unang pananaw, ang mga Muslim ay nakikitang sama-sama at nananatiling nagkakaisa. Saan mang lugar nagmula ang mga Muslim, anumang pagkakaiba sa lupain at panahon na kanilang pinagmulan, sila ay magkakatulad.<sup>41</sup> Ang ganitong pananaw ay nagpapawalang-saysay sa pagkakaroon ng iba't ibang kultura sa mundo ng mga Muslim. Ang pangalawang pananaw ay tuwirang sumasalungat sa nauna. Ang Islam ay humihiwalay sa kanyang kasulatan at kumikilala sa tao – na kanilang tagasunod. Ang Islam ay naghihiwalay sa mga tao, kaya nagkaroon ng kakaibang “Islams” katulad ng Turkish Islam, Lebanese Islam, Omani Islam, Indonesian Islam at marami pang iba. Ayon sa ganitong pananaw, nawala na ang kaisahan ng salitang Islam bagkus ay naging “Islams”. Nagkaroon ng maraming “Islams” ayon sa sitwasyon na kanilang kinabibilangan.<sup>42</sup> Dito, ang pagkakaiba-hiwalay ng kultura ay umabot pa sa puntong ang Islam ay tuluyan ng nawasak dahil sa kanilang lokal na pagkakakilanlan. Dapat ang tamang pananaw na nararapat pag-usapan ay tungkol sa natatanging karanasan ng Islam na may kaugnayan sa oras at panahon. Ang Islam ay natatanging relihiyon na nananatiling sumusunod sa mga nilalaman ng Qur'an at Hadith kung saan ang Sunnah (ang praktikal na halimbawa ng Propeta) ay nagmula. Ang Islam sa kontekstong pananaw ay hindi nagbago, subali't ang mga Muslim ang hindi nanatili dito. Sila ay namuhay sa mga itinakdang panahon at kalagayan. Ang mga kalagayan at mga kaganapan ng isang partikular na lugar, at ang mga usaping humahamon sa panahon, ay nagpapamalas ng mahahalagang bagay kung saan ang Muslim ay kumukuha ng inspirasyon mula sa Qur'an at sa Sunnah. Sa ganitong kalagayan, ang mga pananaw, ang natatanging karanasan ng Islam ang naghahatid ng tamang pang-unawa at pananaw at interpretasyon.<sup>43</sup>

Bilang isang pangsariling kalagayan, ang karanasan ng isang Muslim sa Islam ay naaayon sa antas ng kanyang kaalaman sa katuruan nito, at ang antas ng pang-unawa sa pangkalahatan nitong katuruan, at ang punto kung saan ang naturang katuruan ay isinasabuhay. Kaugnay nito, ipinamumuhay ng pamayanang Muslim ang Islam sang-ayon kung ano ang mga bagay na kanilang nararanasan sa mga oras at lugar na kanilang kinaroroonan. Kaya naman ang mga Muslim ay hindi masasabing natatanging tao o kaya ay hindi rin maaring sabihing “pinarami nila ang Islam”. Bagkus, ang nararapat sabihin ay, may mga natatanging karanasan sa Islam ang bawat tao sa isang pamayanang Muslim. Ang mga bagay na ito ay pangkaraniwan na lamang at makapagpapaliwanag

sa pagkakaiba-iba ng bawat isa na makikita natin sa Mundo ng Muslim. Ang mga bagay na ito ang nagpapatunay kung paano pinapahintulutan sa Islam ang pagtanggap sa iba't ibang kultura habang pinananatili ang pangunahing mga panuntunan at mga katuruan. Batid ng mga Muslim ang mga bagay na ito ay bahagi ng biyaya at habag na nagmumula sa Diyos. Ang Islam ay malapit sa iba't ibang kultura at patuloy na naghahangad upang mas paunlarin ang bagay na ito. Nakalulungkot lamang kung minsan kapag nakakaligtaan ng isang Muslim ang kanilang Islamikong pinagmulan, marahil ay sanhi sa kakulangan ng kanilang kaalaman o ang hindi pagpapahalaga sa mga kasaysayan. Kapag ito ay naganap, ang kanilang mga sariling kaugalian at kultura ay nakakaapekto sa tunay na katuruan ng Islam na nagiging daan upang magkaroon ng maling pananaw at isiping ang mga bagay na ito ay gawain sa loob ng pananampalatayang Islam.<sup>44</sup>

Maraming masasamang kultura ang makikita sa pamayanan ng Muslim at maling iniaakibat sa tunay na diwa sa katuruan ng Islam. Kabilang dito ang puwersahang pagpapakasal, pagpapakasal sa mga bata, ang pagpapahalaga sa isang batang lalake, at ang ginagawang 'genital mutilation' sa isang babae. Ang mga gawaing ito ay hindi bahagi ng Islam, subali't ginagawa nila itong dahilan upang lalong hindi maintindihan at bigyan ng negatibong pananaw ang pananampalatayang Islam.



*Ang mga batang Muslim na nag-aaral sa Mosque na bumibigkas ng Qur'an sa Nekhon-Sri-Thammarat, Thailand.*

## **Bakit Mahalaga ang Relihiyon?**

Mayroong anim na dahilan kung bakit mahalaga ang relihiyon:

1. Ang ating pamamaraan, kaugalian at mga gawaing nakikita kung ano ang ating pinaniniwalaan ay normal na kalagayan sa ating kalooban. Ang mga kalagayang ito ay nabuo mula sa ating mga kultura na ating minana. Naiimpluwensyahan nito ng labis ang ating pananampalataya, anumang uri ito ng pananampalataya. Kapag walang kulturang pinagmulan (o bagay na pinagmulan) ang ating pamumuhay ay magiging kahina-hinala, ang kawalan ng pamamaraan na nagmula sa kumunidad, na nagdudulot ng hindi maayos na kalagayang panglipunan. Kaya mahalaga ang pinagmulang relihiyon, dahil ito ang naglalarawan ng pananampalataya na may kaugnayan sa kultura at pandaigdigang pananaw. Ito ang ating pangkumunidad at maging ang personal nating pagkakakilanlan.
2. Ang relihiyon ang tanging pinagmumulan ng kaalaman tungkol sa Diyos: Kung Sino Siya, anu-ano ang Kanyang mga katangian at kung ano ang Kanyang pinagmulan? Kaya naman, ang relihiyon ay mahalaga sapagka't ang magtakwil sa relihiyon ay pagtatakwil din sa Diyos.
3. Ang relihiyon ang tanging pinagmumulan ng kaalaman tungkol sa tunay na kalagayan ng tao at kung ano ang katotohanan. Ang relihiyon ang nagsasabi sa mga bagay na may kinalaman sa buhay na walang hanggan ng isang kaluluwa, ang buhay pagkaraan ng kamatayan, ang tungkol sa mga Anghel at marami pang iba. Kaya naman, kung walang relihiyon, ang isang tao ay tuluyan ng magiging mangmang at bulag sa katotohanan sa mga bagay na may kaugnayan sa ating pisikal na kalagayan.
4. Ang relihiyon ang nagtuturo sa atin tungkol sa tunay na layunin nang ating pagkakaralihan: Bakit Ako naririto? Saan ba Ako patutungo? Ano ang mga bagay na may kinalaman sa aking kagustuhan sa buhay? Maraming tao ang nauwi sa pagkapighati dahil salat sila sa tunay na layunin nang kanilang pagkakaralihan.
5. Ang relihiyon ay inilarawan bilang isang landas ng buhay; isang panuntunan ng pamumuhay na naglalayong protektahan at pangalagaan ang dignidad ng isang tao at kaligtasan at bumubuo ng mga kondisyon upang magkaroon ng masagana at masayang pamumuhay. Ang relihiyon ay naglalarawan ng tamang moral at makabuluhang sistema ng hustisya para sa pamumuhay

natin. Ang pagwawalang-bahala sa relihiyon ay nagdudulot ng kasamaan sa tao, pagsasamantala, kawalan ng katarungan, opresyon, pagiging sakim, pagmamalabis, kurapsyon, at marami pang iba. Ang relihiyon ay mahalaga para sa ating kabutihan.


6. Ang panghuli, ang relihiyon ay sadyang mahalaga sapagka't ito ang nagtuturo sa atin kung paano natin paghahandaan ang susunod nating buhay. At dahil pinag-usapan sa ika-9 na bahagi, ang buhay pagkaraan ng kamatayan at kung ano ang mga bagay na susunod ay nakadepende sa pagpili natin kung ano ang ginawa natin sa buhay na ito. Ang relihiyon ang nagsasabi kung ano ang inaasahan natin sa ating Panginoon, kung paano tayo namuhay at kung ano ang kakahinatnan ng ating mga ginawa sa kabilang buhay.

Ang buhay na walang relihiyon ay buhay na walang alam sa layunin ng pagkakalikha at sa malawak na pananaw ng ating pagkakalikha, at ang buhay natin ay magiging salat sa pananaw sa mga bagay na darating. Hindi tamang ipagwalang-bahala ang relihiyon katulad ng nabanggit sa susunod na mga talata mula sa Qur'an na nagpapaalala sa atin (67:6-12)

*At silang nagtakwil sa kanilang Panginoon (ang Mapagmahal) ang Parusa ay Impiyerno. At ito ay (sadyang) masamang hantungan. Kapag sila ay naitapon doon, kanilang maririnig ang (nakasisindak) na ingay na tila isang malalim na pagbinga habang ito ay kumukulo. Ito ay halos sumabog sa tindi ng galit: sa tuwing may pangkat na itatapon doon, ang mga Tagapagbantay ay magtatanong: “Wala bang isang Tagapagbabala ang dumating sa inyo?” At sila ay magsasabi: “Katotohanan, may Tagapagbabala na dumating sa amin, subali't siya ay aming tinanggihan at aming sinabi: Ang Allah ay hindi nagpadala ng anumang bagay (kapahayagan), katotohanan, kayong (lahat) ay pawang kasinungalingan lamang! “At kanilang sasabihin: “Kung nakinig lamang kami o ginamit ang aming talino, sana ay hindi kami napabilang sa mga maninirahan sa Naglalagablab na Apoy!” Kaya't aaminin nila ang kanilang mga kasalanan: subali't kay layo sa (Kapatawaran) ang mga maninirahan sa Naglalagablab na Apoy! Silang may takot sa kanilang Panginoon nang hindi nila nakikita, makakamit nila ang Kapatawaran at dakilang Gantimpala.*

## Paano Maging Muslim ang Isang Tao?


Ang Islam ay binubuo ng anim na artikulo (o haligi) ng pananampalataya at limang artikulo ng relihiyon na nauna nang binanggit sa ika-2 bahagi ng aklat na ito. Kapag ito ay naunawaan ng isang tao at ang mga panuntunang ito ay kanyang tinanggap, siya ay magiging isang Muslim sa pamamagitan ng pagbigkas ng mga sumusunod:



Ang salitang ito ay tinatawag na Shahada sa wikang Arabik, na nangangahulugan ng pagtanggap at pagkumpirma ng Pananampalataya. Ito ay unang bibigkasin sa wikang Arabik at pagkatapos ay susundan sa pamamagitan ng salitang nauunawaan ng isang bagong Muslim.

Sinuman ang magsabi ng Shahada, siya ay nagiging isang Muslim at tinanggap na niya ang paniniwala at mga gawaing nakapaloob sa artikulo ng pananampalataya at relihiyon.

Kapag ang isang di-Muslim ay yumakap sa Islam, siya ay bumalik lamang sa kanyang tunay na “relihiyon noong siya ay isilang”, sapagka’t ang lahat ng batang ipinapanganak ay pawang mga Muslim. Sa bawat pagsilang ng isang bata, siya ay isinilang sa pamamagitan ng likas na pagkakalikha na tinatawag na (fitrah sa wikang Arabik). At sa pagpapatuloy ng kanyang paglaki, tanging ang mga magulang lamang niya at ang kanyang kapaligiran ang nagiging dahilan upang siya ay mapunta sa isang partikular na relihiyon. Nasa kanyang sarili na lamang ang paghahanap ng katotohanan at tanggapin kung ano ang tamang gawin kaugnay ng pananampalataya at relihiyon.



## Ang Katotohanan Tungkol sa Pananampalataya

1. Ang isang bulag na pananampalataya ay nakasalalay sa kanyang pagkakasilang, dahil siya ay sumunod lamang sa mga nakatatanda na walang tamang pananampalataya.
2. Ang tamang pananampalataya ay nakabase sa Kaalaman, pangangatuwiran at lohika.
3. Ang pamantayan ng isang pananampalataya ay kailangang napatunayan nang may tiyak na katibayan.

**Paalala:** Sa Islam, ang pananampalataya at pangangatuwiran ay hindi kailangang pagsamahin. Kailangang ang isang tao ay gumamit ng tamang katuwiran upang patunayan at palawakin ang kanyang pananampalataya.



## Talasalitaan

- Allah:** Ang personal na pangalan ng Tapaglikha at ng Panginoon ng buong kalawakan. (tingnan sa ika-3 bahagi)
- Ayah:** Anumang talata mula sa Qur'an. Ito ay nangangahulugan din ng 'tanda mula sa Diyos'.
- Kalipa:** Pinuno ng kumunidad ng Muslim. Ito ay salitang nagmula sa wikang Arabik na 'Khalifa' na nangangahulugan din ng 'representante'.
- Hadith:** Ang Hadith (o Hadeeth) at Sunnah ay mga sinabi at ginawang halimbawa ni Propeta Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan. Ito ang kumakatawan sa mga itinuro ng Propeta na tinaguriang 'Sunnah of the Prophet'. (tingnan ang ika-8 bahagi)
- Hajj:** Ito ang taunang pagtitipong ginaganap sa Makkah. (tingnan ang ika-2 bahagi)
- Hijra:** Ang paglikas ng mga Muslim mula sa Makkah patungong Madinah na naganap noong 622 CE. Dito nagsimula at nagumpisa ang tinatawag na Muslim lunar calendar na tinawag ding Hijra Calendar. (tingnan ang ika-4 bahagi)
- Ibadhi:** Isa sa mga Islamic Schools of Law. (tingnan ang ika-18 bahagi)
- Islam:** Ito ang pangalan ng relihiyon na nananawagan sa paniniwala sa Kaisahan ng Tagapaglikha, Allah, at ang tuwirang pagtanggap at pagsunod sa Kanyang Kautusan. (tingnan ang ika-2 bahagi)
- Jihad:** Ang magsumikap para sa landas ng Allah. Kaya naman, ang lahat ng gawain ng isang naniniwala na ginawang may layunin upang magkamit ng kabutihan mula sa Allah ay tinatawag na **Jihad**. (tingnan ang ika-16 bahagi)
- Ka'bah:** Ang unang tahanan ng pagsamba na ginawa sa kalupaan upang sambahin ang Nag-iisang Diyos. Ito ay matatagpuan sa tinatawag na 'the great mosque in Makkah' na kalimitang binabalot ng itim na tela.

- Madinah:** Isang lungsod sa Saudi Arabia na matatagpuan humigit-kumulang 400 na kilometro sa hilagang bahagi ng Makkah. Ito ang lugar kung saan matatagpuan ang ikalawang pinakabanal na mosque sa Islam. Ito ang tinaguriang ‘The Prophet’s Mosque’, (*Masjid Al-Nabawi* sa wikang Arabik)
- Makkah:** Isang lungsod sa kanlurang bahagi ng Saudi Arabia. Dito matatagpuan ang Ka’bah at ang unang pinakabanal na mosque sa Islam. Ito ay tinawag na ‘The Inviolable Mosque’, (o *Masjid Al-Haraam* sa wikang Arabik)
- Muslim:** Isang taong naniniwala at sumusunod sa mga panuntunan ng relihiyong Islam.
- Qibla:** Ang direksyon ng Makkah kung saan ang mga Muslim ay humaharap kapag nagdarasal.
- Qur’an:** Ang huling Banal na Kasulatan na ipinadala kay Propeta Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan. (tingnan ang ika-6 na bahagi)
- Sharia’ah:** Ang tinatawag na ‘Islamic code of conduct’ na kinapapalooban ng pangunahing paniniwala (pananampalataya), mga anyo ng pagsamba, etiket, panuntunang pang-ekonomiya at pamayanan at batas na may kinalaman sa krimen (penal code). (tingnan ang ika-6 na bahagi)
- Shia’:** Isa sa mga Islamic Schools of Law. (tingnan ang ika-18 na bahagi)
- Sunni:** Isa sa mga Islamic Schools of Law. (tingnan ang ika-18 na bahagi)
- Surah:** Anumang kabanata mula sa Qur’an
- Ummah:** Ang pamayanang bumubuo sa Muslim sa Mundo ng mga Muslim.

## Mga Karagdagang Pagpapaliwanag

1. Kapag binabanggit ang pangalan ng mga propeta, nananalangin ang mga Muslim sa Allah at sinasabing “naway ang kapayapaan at pagpapala (ng Allah) ay mapasa kanya/kanila”. (Tingnan din ang Qur’an 33:56, 37:181)
2. Sa Qur’an 2:132, 136, 22:78
3. Ang mga artikulo ng pananampalataya ay mababasa sa maraming mga talata ng Qur’an, isang halimbawa: 2:3-4, 2:285, 4:136, 54:49, at iba pang mga talata.
4. Malinaw na nakasaad sa Qur’an na ang ating mga ginawa ay hindi itinakda ng Diyos. Tingnan bilang isang halimbawa sa 4:62, 10:44, 13:11, 18:29, 30:41, at iba pang mga talata.
5. Ang mga artikulo ng relihiyon ay mababasa sa maraming mga talata sa Qur’an, isang halimbawa; 2:3, 2:43, 2:183, 2:196, 3:97, 22:78 at iba pang mga talata.
6. Ang litiral na kahulugan ng Taqwa ay matakot o mapangalagaan. Ito ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng pangsariling proteksyon mula sa galit ng Allah at pagkilala sa Kanya. Ang maniwalang may Diyos ay nagiging dahilan upang makamtan ang pagiging isang mabuti, i.e. ang gumawa ng mabuti at iwasan ang masama.
7. Sa Qur’an 7:158, 21:107, 33:40, 34:28
8. Ang alok ng pamumuno ay ginawa ni Utbah bin Rabia’h (ang biyanan ni Abu Sufyan) na kabilang sa mga namumuno sa Makkah.
9. Sa Qur’an 29:50-51
10. Ang Banal na Qur’an, na isinalin at may komentaryo ni A. Yusuf Ali, The Islamic Foundation, London, 1975. Ang komentaryo sa talata 7:157.
11. Sa Qur’an 3:3, 4:47, 5:48, 15:9, 26:192-196, 76:23, at iba pang mga talata.
12. Ang ugnayan ng tao sa Allah at ng lahat ng nilikha ay ipinahayag sa maraming mga talata ng Qur’an. Isang halimbawa: 1:2, 2:21- 22, 2:257, 7:54, 50:21, 82:10-12, 18:50, 6:112, 12:5, 6:38, 2:164, 31:10, 36:71-73, at sa iba pang mga talata.

13. Sa Qur'an 2:38-39, 2:81-82, 17:9-10, at sa iba pang mga talata.
14. Sa Qur'an 3:137, 10:71-73; 11:25-49, 12: 1-113, 17:2-8, 71:1-28, at sa iba pang mga talata.
15. Ang 'The Geological Concept of Mountains in the Qur'an', ni El-Naggar, pahina 5.
16. Para sa karagdagan pagbabasa sa naturang paksa, tingnan ito sa: (1) Qur'an & Modern Sciences, na isinulat ni Dr. Zakir Naik, (2) The Bible, The Qur'an and Science, na isinulat ni Maurice Bucaille, (3) The Qur'an: Unchallengeable Miracle, na isinulat ni Caner Taslaman, at isinalin ni Ender Guro!
17. Sa Qur'an 2:34, 17:61
18. Sa Qur'an 14:44-46, 74:8-10, 80:33-46
19. Sa Qur'an 13:22-23, 36:55-56, 52:21
20. Sa Qur'an 5:48, 16:36, 10:47
21. Sa Qur'an 3:64-65; 3:98-100, 4:47, at sa iba pang mga talata.
22. Sa Qur'an 2:75, 2:79, 2:146, 159, 174, 3:71, 4:46, 5:13 at 5:15. Isang Christian eskolar ng Bibliya ay nagpatunay sa naturang punto, isang halimbawa, tingnan ang (1) 'Misquoting Jesus' at (2) 'Jesus Interrupted' na isinulat ni Bart D. Ehrman.
23. Sa Qur'an 5:48.
24. Sa Qur'an 11:118-119
25. Sa Qur'an 3:59, 4:171, 5:75, 5:116-117, 19:30,
26. Ang Bibliya na (KJV); Matthew 24:36, John 5:30, 14:28, 17:3 at 20:17, Acts 2:22. Para sa mas malawak na pagbabasa tungkol sa paksang ito, bisitahin ang mga sumusunod na site: <http://www.islam-guide.com/ch3-10-1.htm>. Inyo ring mababasa ang 'The First and Final Testament', na isinulat ni Dr. Lawrence Brown.
27. Sa Qur'an 3:45, 4:171, 5:72, 19:30.

28. Sa Qur'an 19:27–33 at Qur'an 3:49; 5:110.
29. Sa Qur'an 5:110 at 57:27.
30. Ang lahat ng bersyon ng Bibliya ay sumasaksi na si Jesus, sumakanya nawa ang kapayapaan, ay ipinadala sa 'Angkan ng Israel'. Tingnan halimbawa sa ang Bibliya (KJV), Matthew 10:5–6 at Matthew 15:22–26.
31. Isa sa mga scientists na si Sir Antony Flew ang nangunguna sa nagsusulong ng atesimo. Subali't noong 2004, siya ay nagdeklara ng kanyang paniniwala sa Diyos, at noong taong 2007 ay sinulat niya ang isang aklat na pinamagatang – 'There is God: How the World's Most Notorious Atheist Changed His Mind'.
32. Ang Qur'an 7:172 and 30:30
33. Ang Qur'an 3:86, 10:9, 13:27, 17:97, 18:17, 48:4, 74:31.
34. Ang Qur'an 17:70, 23:115, 29:2, 30:8
35. Ang mga sumusunod ay halimbawa sa kawalan ng hustisya na dinanas ng kababaihan sa kasaysayan: (1) Noong panahon na hindi pa dumarating ang Islam sa Arabia, ang mga batang babae ay inililibing ng buhay. (2) Sa 'Roman civilization', ang kababaihan ay itinuturing na mga alipin, samantalang sa Greeks, ang kababaihan ay itinuturing na kalakal. (3) Sa France noong 587 CE, isang malaking pagtitipon ang ginanap upang pag-usapan at bigyan ng hukom ang kababaihan kung sila ay maituturing na mga tao o hindi. (4) Bago sumapit ang taong 1850, ang kababaihan ay hindi itinuturing na isang mamamayan ng England, at sila ay walang personal na karapatan hanggang sa taong 1882. (5) Sa kultura ng mga Chinese, ang mga kalalakihan ay walang karapatang magbenta ng kanilang mga asawa bilang isang alipin, subali't may karapatan silang ilibing ng buhay ang kanilang asawa. (6) Sa Hindus ay itinuturing ang kababaihan na isang kasamaan na mas higit pa sa kamatayan, impiyerno, lason at apoy.
36. Ang Qur'an 2:190, 2:193, 2:217, 4:75 at 8:39
37. Ang Qur'an 8:67-70. Ang malaking bahagi ng kabanata 8 at 9 (gayun din sa ibang mga kabanata), ang tumutukoy sa mga kaganapan ng digmaan, ang mga panuntunan sa digmaan, ang patakaran tungkol sa kasunduan sa digmaan, ang pagpapahintulot sa mga nagpapakupkop, ang pamamahala sa

mga labi ng digmaan, at ang pagtrato sa mga bihag ng digmaan. Mahalagang bigyan-pansin na mga Muslim ang nauna sa kasaysayan ng giyera ang naglatag ng mga batas kaugnay ng pagtrato sa mga bihag sa digmaan.

38. See abolition timeline: [http://en.wikipedia.org/wiki/Abolition\\_of\\_slavery\\_timeline](http://en.wikipedia.org/wiki/Abolition_of_slavery_timeline)
39. Ang Qur'an 10:99, 109:1–6 at iba pang mga talata.
40. Ang Pinagbatayan VI, Pahina 183
41. Ang Pinagbatayan VI, Pahina 4
42. Ang Pinagbatayan VI, Pahina 4
43. Ang Pinagbatayan VI, Pahina 110-114
44. Ang Pinagbatayan VI, Pahina 116-118



## Mga Pinagbatayan

- I. Ang 'The Holy Qur'an, na isinalin at may komentaryo ni A. Yusuf Ali, The Islamic Foundation, London, noong taong 1975.
- II. Ang 'Towards Understanding The Qur'an', na isinulat ni Sayyid Abul A'la Maududi, The Islamic Foundation, London, noong taong 1992.
- III. Ang 'Qur'an and Modern Sciences': Conflict or Conciliation? Isinulat ni Dr. Zakir Naik (2008), Islamic Research Foundation, Mumbai, India.
- IV. Ang 'Ulum Al-Qur'an, An Introduction to the Sciences of the Qur'an'. Isinulat ni Ahmed Von Denfer, The Islamic Foundation, London, noong taong 1983
- V. Ang 'Muhammad in the Hindu Scriptures'. Isinulat ni Dr. Ved Prakash Upaddhay, Inilathala ng A.S. Noordeen, Malaysia, noong taong 2007
- VI. Tariq Ramadan, *Radical Reform: Islamic Ethics and Liberation*, Oxford University Press, Oxford, 2009.
- VII. Clinton Bennet, *Muslims and Modernity: An Introduction to the Issues and Debates*, Continuum, New York, 2005.
- VIII. Mehmet Ozalp, *Islam between Tradition and Modernity*, Barton Books, Australia, 2012.



*“Ar-Rahmaan”, Ang Lubos na Maawain. Ito ay isa sa mga katangian ng Allah*





# تعريف الإسلام باللغة الفلبينية

HINDI ITO IPINAGBIBILI

